2


DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

NATIONAL LEARNING CAMP

# Reading

## Consolidation Camp

## Lesson Plans




Government Property
NOT FOR SALE

# Consolidation Learning Camp

# Lesson Plans

# Reading Grade 2

# Table of Contents

**Day 1: Lesson 1 .......... 1**

Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita sa Pagtatanong ng Lokasyon ng Lugar
**Day 2: Lesson 2 .......... 5**

Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita sa Pagtatanong ng Lokasyon ng Lugar
**Day 3: Lesson 3 .......... 9**

Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento
**Day 4: Lesson 4 .......... 13**

Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento
**Day 5: Lesson 5 .......... 17**

Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Pabula
**Day 6: Lesson 6 .......... 22**

Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Pabula
**Day 7: Lesson 7 .......... 28**

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar
**Day 8: Lesson 8 .......... 32**

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar.
**Day 9: Lesson 9 .......... 39**

Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari sa Binasang Talata at Teksto
**Day 10: Lesson 10 .......... 42**

Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari sa Binasang Talata at Teksto
**Day 11: Lesson 11 .......... 45**

Pang-uri
**Day 12: Lesson 12 .......... 48**

Pang-uri
**Day 13: Lesson 13 .......... 50**

Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan
**Day 14: Lesson 14 .......... 54**

**Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan**

**Day 15: Lesson 15 .......... 58**

Mga Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat
**Day 16: Lesson 16 .......... 61**

Pagbibigay Kahulugan sa mga Salita sa Pamamagitan ng Context Clues, Halimbawa at Pormal na Depinisyon
**Day 17: Lesson 17 .......... 63**

Pangunahing kaisipan
**Day 18: Lesson 18 .......... 67**

Sumusuportang kaisipan

# Day 1, Lesson Plan 1
## Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita sa Pagtatanong ng Lokasyon ng Lugar

## Key Idea

Paggamit ng magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar

### Most Essential Learning Competencies

Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon
(pagtatanong ng lokasyon ng lugar)

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins.

- Sabihin: Mga bata tayo muna ay magbalik aral sa nakaraan aralin.
  Nakikita ba ninyo ang isang malaking larawan ng telepono sa inyong harapan? Makinig at ganito ang inyong gagawin.
  Pangkatang Gawain

- Pipili ng isang miyembro na pupunta sa harapan at pipili ng isang pangungusap na nasa telepono. Babasahin ito sa harapan at itataas ng mga bata ang flash card na ☆ kung tama ang pakikipag-usap sa telepono at ☾ kung hindi.
- **Tanong:**
  1. "Magandang umaga po, sino po sila?
  2. "Sino ka?"
  3. "Makakarating po ang inyong bilin kay nanay"
  4. "At bakit mo siya hinahanap? May kailangan ka?"
  5. "Sandali lang po at tatawagin ko po ang aking tatay"

**Halimbawang Sagot:**

1. ☆
2. ☾
3. ☆
4. ☾
5. ☆

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Ang ating aralin ngayong araw ay tungkol sa tamang pagtatanong ng lokasyon ng lugar gamit ang magagalang na salita.
- Sa araling ito, malalaman din natin kung bakit mahalaga ang maging magalang sa pakikipag-usap at sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

- Mga bata, may ipapakita akong mga larawan at mga salita. Kilalanin natin ang bawat larawan o sabihin ang pangalan nito.





  - Ngayon naman mga bata ay basahin natin ang mga salita. eskinita talipapa

- Ngayon na nabasa na natin ang mga salita, maari ninyo ng itapat ang bawat salita sa tamang larawan. Tingnan natin kung tama ang inyong sagot?




talipapa



eskinita

  - Alam ba ninyo na ang talipapa ay mas maliit kaysa sa palengke. Pero pareho nating nabibili ang ating pangunahing pangangailangan. Sa ibang lugar, makikita natin ang mga ito malapit sa ating tahanan. Ang eskinita naman ay makitid na daanan. Kadalasan hindi nakakadaan ang jeep o traysikel.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Gawain 4A**

- Ngayon mga bata, may babasahin akong kuwento. Ano-ano ang mga dapat ninyong gawin habang nakikinig sa kuwento.

***"Ang Tamang Daan"***
*Ni: Cindelyn E. Cinches*

*Isang araw, inutusan ni Aling Selya si Lulu na pupunta sa talipapa upang bumili ng toyo. Umalis si Lulu bitbit ang pera ngunit nakaligtaan niyang itanong kung saan matatagpuan ang talipapa.*
*Dahil malayo na ang kanyang nalalakad nagpasya siyang magtanong sa kanilang kapitbahay na si Ka Terya.*
*"Magandang araw po Ka Terya,"*
*"Magandang araw din Lulu, ano ang maipaglilingkod ko sa yo."*
*"May nais po akong malaman Ka Terya, Maituturo po ba ninyo sa akin kung saan ang talipapa? May kailangan po akong bilhin eh."*
*"Nakikita mo ba ang iskinitang iyan sag awing kanan? Makikita mo na ang talipapa*
*"Naku, maraming salamat po sa inyo, Ka Terya. Lalakad na po ako."*

- May mga salita ba kayong hindi naunawaan sa kuwento?

**Gawain 4B**

- Sagutin natin ang mga tanong na may kinalaman sa kuwento.

  *Q1. Ano ang pamagat ng kuwento?*

  *Q2. Sino ang inutusan ni Aling Selya na pumunta sa talipapa?*

  *Q3. Ano ang nakaligtaan ni Lulu?*

  *Q4. Kung ikaw si Lulu, ano ang gagawin mo kapag ikaw ay naligaw?*

  *Q5. Ano- ano ang iyong dapat tandaan kapag ikaw ay naligaw?*

- Talakayin ang sagot ng mag-aaral kung kinakailangan.

**Halimbawang Sagot:**

*Q1. Ang Tamang Daan*

*Q2. Si Lulu*

*Q3. Ang daan patungo sa talipapa*

*Q4. Magtatanong sa mga tao na makakatulong para matunton ang hinahanap.*

*Q5. Dapat ay tatandaan ang sinabi kung saan ang tamang lokasyon ng hinahanap na lugar*

- *Tatandaan ang mga landmarks o pananda para hindi na muling maligaw.*

**Gawain 4C**

- Basahin ang bawat pangungusap at isulat sa tapat nito ang ✔ kung ang pahayag ay pagtatanong ng isang lugar at ✘ kung hindi.

  *Q1. "Maari po bang malaman kung saan ang malapit na simbahan?"*

  *Q2. "Ito ang aking bagong bag."*

  *Q3. "Ituro mo nga sa akin kung saan ang parke Mil?"*

  *Q4. "Excuse me, maari ko bang malaman kung saan ang daan patungong Barangay Hall?"*

  *Q5. Maraming salamat.*

- Talakayan ang sagot ng mga mag-aaral kung kinakailangan

**Halimbawang Sagot:**

*Q1.* ✔

*Q2.* ✘

*Q3.* ✔

Q4. ✔

Q5. ✘

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Ano-ano ang magagalang na salita ang maaring gamitin sa pagtatanong ng tamang lokasyon na iyong pupuntahan o nais malaman?
- Ano- ano ang mga dapat tandaan sa mga lugar na maari mong puntahan para sa susunod ay hindi na maligaw?

- Pasagutan sa mag-aaral ang mga sumusunod na tanong sa kanilang sagutang papel.

*Q1. Paano ang gagawin ninyo kung hindi ninyo alam ang lugar na inyong pupuntahan?*

*Q2. Ano ang dapat gawin kung hindi alam ang lugar na pupuntahan?*

*Q3. Bakit mahalaga ang paggamit ng magagalang na salita sa pagtatanong ng tamang lokasyon?*

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

# Day 1, Lesson Plan 2

## Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita sa Pagtatanong ng Lokasyon ng Lugar

**Key Idea**

Paggamit ng magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar

**Most Essential Learning Competencies**

Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagtatanong ng lokasyon ng lugar)

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins.

- Sabihin: Mga bata tayo muna ay magbalik aral sa nakaraan aralin.

  **Maglaro tayo**

  A. Isadula (maaring sa school ground o sa classroom)
  B. maaring gumamit ng krayola para kulayan ang tamang daan

- Panuto: Pupunta kayo ng iyong kaibigan sa parke. Saan ang tamang daanan? Paano kayo magtatanong sa isang nagtitinda ng ice cream? Lumakad ng maayos.




**Halimbawang Sagot:**

- Sundan ang tamang daan/tawiran sa tulong ng daanang gabay.
- Manong/Ate, saan po ang daan papuntang parke?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***


Time: 3 mins.

- Ang ating aralin ngayong araw na ito ay tungkol sa kung paano ang tamang pagtatanong ng lokasyon o lugar na may gamit ng magagalang na salita.
- Sa araling din ito ay malalaman natin kung bakit mahalaga na tayo ay maging magalang sa pakikipag-usap at sa pagtatanong ng lokasyon o lugar.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.




- Mga bata, may ipapakita ako na mga larawan at mga salita. Kilalanin muna natin ang bawat larawan o ibigay ang ngalan nito.

  - Ngayon naman mga bata ay basahin natin ang mga salita.

Guwardya pasilyo silid-aralan

- Ngayon na alam na natin ang mga pangalan ng larawan. Pipili kayo ng mga salita na nasa strip na maaring masabi sa mga larawan.

| | | |
|---|---|---|
| nagbabantay ng Paaralan. | maliit na daanan sa paaralan | dito nag-aaral ang mga bata |
| Nagpapanatili ng at maayos kaayusan ng | daanan ng mga bata o guro papunta sa | malinis |

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Gawain 4A**

- Ngayon mga bata, may babasahin akong kuwento. Ano- ano ang mga dapat ninyong gawin habang nakikinig sa kuwento.

**Ang Bagong Karanasan**
**ni Rea** Ni: Merry
Lynn C. Villar

Bagong lipat ang pamilya ni Rea sa Barangay Pembo, isang umaga ay inihatid si Rea ng kanyang isa sa bago nitong paaralan. Nakita ni Rea ang guwardya ng paaralan.

"Magandang umaga po, ako po pala si Rea," masayang bati ni Rea. "Magandang umaga naman, Rea." Nakangiting bati ng gwardya.

"Maaari ko po bang malaman kung saan ang aking silid-aralan? Ako po ay nasa Ikalawang baitang at ang aking guro ay si Bb. Renato." ang may galang na pagtatanong ni Rea.

"Ahh! Si Bb. Renato ba ang iyong guro? Sige, diretsuhin mo ang pasilyo na ito, at sa sa dulo ay makikita mo ang Room 101 na may dilaw na pinto. Duon ang iyong silid- aralan. "Maraming salamat po," sagot ni Rea at tumungo na siya sa kanyang bagong silid-aralan.

- May mga salita ba kayong hindi naunawaan sa kuwento?

**Gawain 4B**

- Sagutin natin ang mga tanong tungkol sa kuwento.

  *Q1. Ano ang pamagat ng kuwento?*

  *Q2. Sino ang bata na bagong lipat ng tahanan?*

  *Q3. Kanino si Rea para malaman niya ang kanyang silid-aralan?*

  *Q4. Kung ikaw si Rea, ano ang gagawin mo kung hindi mo alam patungo sa bago mong silid-aralan?*

  *Q5. Ano ang sasabihin mo sa guwardya?*

- Talakayin ang sagot ng mga mag-aaral kung kinakailangan.

**Halimbawang Sagot:**

*Q1. Ang bagong*

*karanasan ni Rea Q2. Si*

*Rea*

*Q3. sa guwardya ng paaralan*

*Q4. Magtatanong ako sa guwardya o kung sino ang mga taong nagtatrabaho sa loob ng paaralan kung saan ang aking silid-aralan.*

*Q5. “Magandang umaga po, maari mo po ba akong tulungan kung saan ang aking silid-aralan?*

**Gawain 4C**

- Basahin ang bawat pangungusap at itaas ang ☺ kung tama ang pahayag na ginamit sa pagtatanong ng lokasyon at ☹ kung hindi.

  *Q1. “Ate, maaari po bang malaman kung saan ang Paaralang Elementarya ng Comembo?”*
  *Q2. “Salamat po.”*
  *Q3. “Sir, saan po makikita ang canteen ng paaralan?”*
  *Q4. “Walang anuman kuya”*
  *Q5. Maraming salamat*

**Halimbawang Sagot:**

*Q1.* ☺

*Q2.* ☹

*Q3.* ☺

Q4. ☹

Q5. ☹

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Ano-ano ang magagalang salita ang maaring gamitin sa pagtatanong ng tamang lokasyon na iyong pupuntahan o nais malaman?
- *Ano- ano ang mga dapat tandaan sa mga lugar na maari mong puntahan para sa susunod ay hindi na maligaw?*

Pasagutan sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na mga tanong sa kanilang sagutang papel.

*Q1. Paano ang gagawin mo kung hindi mo alam ang lugar na pupuntahan?*

*Q2. Ano ang dapat gawin kung hindi alam ang lugar na pupuntahan?*

*Q3. Bakit mahalaga ang paggamit ng magagalang na salita sa pagtatanong ng tamang lokasyon?*

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 2, Lesson Plan 3**
**Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento**

**Key Idea**

Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang alamat
- Natutukoy ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa alamat
- Nasasabi ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kuwento o alamat

| |
|---|
| **Bahagi 1: *Lesson Short Review***<br>Time: 7 mins.<br><br>**Awit: Ang Bayan Ko**<br>▪ Ipaawit ang awitin.<br>▪ Sabihin: "Nagustuhan mo ba ang awitin? Ano ang nararamdaman mo habang inaawit ang kanta? Kaya mo bang tukuyin kung ano ang pinag-uusapan sa awit?"<br>Mga Tanong:<br>1. Tungkol saan ang awitin?<br>2. Ano ang mensahe ng kanta?<br><br>**Mga Inaasahang Sagot:**<br>1. -Ito ay tungkol sa ating bayan.<br>-Ito ay tungkol sa pagmamahal sa Pilipinas.<br>-Ito ay tungkol sa pagbabantay sa Kalayaan ng Pilipinas.<br>2. -Mahalin natin ang ating bayan.<br>-Nag-iisa lang ang ating bayan at ito ay ang Pilipinas.<br>-Bantayan natin ang Kalayaan ng ating bayan.<br><br>(Paalala sa Guro: Maaaring gumamit ng ibang awitin na pamilyar sa mga bata upang mas madali nilang maibigay ang paksa at mensahe ng awit.) |
| **Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***<br>Time: 3 mins.<br>▪ Sa araling ito ay matutukoy at masasabi ninyo ang ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa alamat. |
| **Bahagi 3: *Lesson Language Practice***<br>Time: 5 mins.<br>▪ Sabihin: "Sa araw na ito ay magbabasa tayo ng isang alamat at pagkatapos ay ating aalamin ang paksa at mensahe na nais nitong ipabatid. Ano nga ba ang alamat? Ano naman ang kahulugan ng paksa at mensahe?"<br><br>(Kunin ang sagot mula sa mga bata. Ngunit kung hindi nila ito masasagot, ang guro ang magbibigay ng kasagutan.<br><br>Sabihin: Ang alamat ay nagsasalaysay tungkol sa pinagmulan ng isang tao, bagay o |

lugar. Ang paksa o tema ay ang pinag-uusapan o tinatalakay sa talata o teksto. Ang mensahe naman ay ang aral na mapupulot mula sa binasa.)

- Upang mas madali nating maunawaan ang aralin, alamin muna natin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita".

**Gawain 1: Matching Type**

**Panuto:** Sa tulong ng mga pagpipilian sa Hanay B, tukuyin ang kahulugan ng mga salita o parirala na makikita sa Hanay A. Isulat lamang ang letra ng sagot sa inyong papel.

**Hanay A**

_____1. pinya
_____2. nalipasan ng gutom
_____3. lumaki sa layaw
_____4. tubuan
_____5. magkagalit

**Hanay B**

A. hindi magkasundo o may samaan ng loob
B. nasusunod ang lahat ng nais
C. magkaroon
D. isang uri ng prutas
E. nakaramdam ng gutom ngunit hindi kumain

(Paalala sa Guro: Habang sinasagutan ang gawain, maari ding magpakita ng mga larawan upang mas madaling maunawaan ng mga bata ang mga salita o parirala.)

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa ng Alamat (5 minutes)**

- Basahin nang malakas ang Alamat.

**ANG ALAMAT NG PINYA**

Mahal na mahal ni Aling Rosa ang kanyang anak na si Pina. Inaalagaan niya itong mabuti at hindi niya pinagagawa sa bahay upang hindi mapagod. Masaya na siyang nagsisilbi sa anak at gumawa ng lahat ng trabaho sa bahay. Si Pina ay lumaki sa layaw dahil sa kagagawan ni Aling Rosa. Gustuhin man niyang turuan itong gumawa sa bahay at magbago ng ugali ay hindi na niya magawa. Ayaw nang baguhin ni Pina ang kanyang nakasanayang masarap na buhay. Kung kaya't napilitan si Aling Rosa na kahit na matanda na ay siya pa rin ang nagtatrabaho at gumawa ng lahat ng gawain sa bahay.

Isang araw ay nagkasakit si Aling Rosa. Mahinang-mahina siya at hindi na makabangon sa higaan. Nagmakaawa siya sa anak na magluto ng pagkain upang hindi sila magutom na mag-ina.

Masama man ang loob ay pumayag si Pina na magluto at gumawa ng iba pa. Ngunit pamali-mali dahil hindi siya sanay magtrabaho.

Nagtagal ang sakit ni Aling Rosa at nagsawa si Pina sa paggawa at pagsunod sa utos ng ina. Madalas na silang magkagalit. Laging masama ang loob ni Pina habang gumagawa ng trabaho sa bahay.

Isang araw ay magluluto na naman si Pina. Hindi siya makapagsimula dahil

hindi niya makita ang sandok. Hinanap niya itong mabuti sa loob ng bahay ngunit di pa rin niya makita. Nagreklamo na siya sa kanyang ina. Inutusan siya ng ina na bumaba ng bahay at doon hanapin dahil baka nahulog sa lupa.

Nagkakagalit na ang mag-ina dahil sa paghahanap ng nawawalang sandok, hanggang sa nasambit ni Aling Rosa ang, "Sana'y tubuan ka ng maraming mata nang makita mo ang iyong hinahanap!"

Ilang oras na ang nagdaan ay hindi pa umaakyat si Pina sa bahay. Lumipas na ang gutom ni Aling Rosa ay wala pa rin si Pina. Gabi na wala pa rin si Pina. Nag-alala na si Aling Rosa sa hindi pagbalik ni Pina. Nagtanong siya sa kanilang mga kapitbahay ngunit walang nakakita kay Pina. Hinanap niya itong muli sa buong kabahayan at sa buong bakuran. Hindi na niya nakita si Pina.

Isang araw, sa isang sulok ng kanilang bakuran ay nakita niya ang isang halaman na ang bunga ay tulad ng isang ulo na maraming mata. Naalaala ni Aling Rosa ang sinabi sa kanyang anak: Sana'y tubuan ka ng maraming mata nang makita mo ang iyong hinahanap! Napaiyak si Aling Rosa at iniisip na ang halamang tumubo sa kanyang bakuran ay ang kanyang anak na si Pina.

Inalagaan niya ang halaman at simula noon ay tinawag niya itong Pinya.

**4B. Mga Tanong (8 minutes)**

- Sabihin, "Upang higit nating maunawaan ang ating binasa, sagutin natin ang mga sumusunod na tanong.".

**Gawain 2:** Basahin at sagutin ang sumusunod na tanong hinggil sa binasang alamat. Isulat ang letra ng sagot sa inyong papel.

____1. Sino-sino ang mga tauhan sa "Alamat ng Pinya"?

A. Sina Pina at ang kanyang nanay
B. Sina Pina at ang kanyang kapitbahay
C. Si Pina at ang pinya
D. Si Pina, ang pinya at ang sandok

_____2. Paano pinalaki ng kanyang nanay si Pina?

A. Pinalaki siyang masipag at matulungin na bata
B. Pinalaki siyang hindi nakukuha ang mga bagay nais niya
C. Pinalaki siyang mahusay sa mga gawaing bahay
D. Pinalaki siyang nasusunod ang kanyang gusto at hindi tumutulong sa Gawain

____3. Ano ang damdamin ni Pina habang siya ay gumagawa ng mga gawain sa bahay?

A. Masama ang kanyang loob.
B. Masayang-masaya siya.
C. Nasasabik siya sa paggawa.
D. Wala siyang nararamdaman.

____4. Bakit inutusan ni Aling Rosa na gumawa ng gawaing bahay si Pina?

A. sapagkat napagod na siya sa pagtatrabaho
B. sapagkat siya ay nagkasakit at hindi niya kayang gumawa
C. sapagkat gusto niyang matuto ang kanyang anak sa mga gawaing bahay
D. sapagkat ayaw na niyang gumawa ng mga gawaing bahay

**4C. Mga Tanong/Gawain (12 minutes)**

- Itanong ang mga sumusunod:
  1. Sang-ayon ka ba sa ginawang pagpapalaki ni Aling Rosa sa kanyang anak? Bakit?
  2. Ano ang maipapayo mo kay Aling Rosa?
  3. Ano naman ang maipapayo mo kay Pina?
  4. Ano ang paksa ng Alamat?

**Mga Inaasahang Sagot:**

1. -Hindi, sapagkat si Pina ay lumaking tamad at walang alam sa gawaing bahay.
   -Hindi, sapagkat pinalaki niya sa layaw si Pina at hindi ito natuto ng mga gawain.
   -Hindi, sapagkat si Pina ay masyadong naging palaasa sa magulang at hindi kinakitaan ng pagkukusa at malasakit.
2. -Hindi niya dapat pinalaki sa layaw si Pina.
   -Dapat niyang turuan ng mga gawaing bahay ang kanyang anak upang hindi ito mahirapan kapag kailangan niyang magtrabaho.
   -Huwag magbibitiw ng salita nang hindi pinag-iisipan lalo kung ito ay hindi mabuti.
   -Ang pag-uutos sa anak na gumawa ng gawaing bahay ay hindi nangangahulugan ng pagpapahirap sa kanila, bagkus ito ay isang paraan upang sila ay matuto.
3. -Huwag maging tamad at palaasa sa magulang.
   -Gamitin ang mata sa paghahanap ng mga bagay.
   -Magkusang matuto ng mga gawaing bahay.
   -Magkaroon ng malasakit sa magulang.
4. -Tungkol sa isang batang nagngangalang Pina na pinalaki sa layaw ng kanyang ina kung kaya't siya ay lumaking tamad at palaging nakaasa sa kanyang nanay.

**Gawain 3:**
**Panuto:** Gumuhit ng bituin☆ sa tabi ng bilang na nagsasaad ng mensahe o aral na nais ipabatid ng "Alamat ng Pinya". Gawin ito sa iyong papel.

_____1. Mahalagang turuan ng gawaing bahay ang mga bata upang sa darating na panahon ay hindi sila mahirapan at hindi sila lumaking tamad.
_____2. Mahalagang ibigay ang lahat ng nais ng mga bata upang maging masaya at kontento sila sa buhay.
_____3. Dapat ingatan ang ating katawan upang hindi tayo magkasakit.
_____4. Huwag hanapin ang isang bagay kung ito ay mahirap makita.
_____5. Huwag iasa sa magulang ang lahat ng mga gawain sa bahay.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

- Itanong: Sang-ayon ka ba sa mensaheng nais ipabatid ng alamat? Bakit?
- Sabihin: Mahalagang maunawaan natin ang paksa at mensahe ng ating binabasa sapagkat ito ay kapupulutan natin ng mahahalagang aral. Ang Alamat ay isa lamang sa mga babasahin na ito. Maaari din tayong magbasa ng maikling kwento upang higit tayong matuto.

## Day 2, Lesson Plan 4
### Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento

**Key Idea**

- Mensahe, paksa o tema ng maikling kwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang maikling kwento
- Natutukoy ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kwento
- Nasasabi ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kwento o alamat

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

**Game: Tanong Ko, Sagot Mo!**

- Pabuoin ang mga bata ng dalawang magkalabang grupo, at papilahin ang mga ito.
- Sabihin: "Sa nakaraang aralin ay ating tinalakay ang pagbibigay ng mensahe, paksa o tema sa alamat. Upang mas lalo pa natin itong maunawaan, maglalaro tayo ng 'Tanong Ko, Sagot Mo!'. Ang grupo na makakakuha ng pinakamataas na puntos ang siyang mananalo".

**Mga Tanong:**

- Ano ang tawag sa pangunahing kaisipan o ideya na pinag-uusapan sa teksto o talata?
- Ito ay tumutukoy sa mga aral na napupulot mula sa binasang tekto.
- Ito ay nagsasalaysay tungkol sa pinagmulan ng isang bagay, tao, o lugar.
- Magbigay ng mensahe mula sa Alamat ng Pinya.
- Ano ang paksa ng Alamat ng Pinya?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito ay matutukoy at masasabi ninyo ang ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kuwento.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Word Puzzle**

Panuto: Hanapin sa Word Puzzle ang mga salitang ipinapakahulugan ng mga hint.

- Sabihin: Alamin natin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita at parirala sa tulong ng hint.

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **P** | **I** | **N** | **A** | **G** | **B** | **I** | **Y** | **A** | **K** | **N** | **A** | **B** | **U** | **N** | **G** | **A** |
| B | U | X | D | O | O | C | D | P | B | I | **N** | W | O | Q | T | I |
| A | **A** | Y | E | K | **N** | **A** | **M** | **A** | **L** | **A** | **Y** | **A** | **N** | D | R | O |
| A | **S** | X | E | L | Z | X | Q | H | A | H | **O** | S | P | R | E | R |
| **N** | **A** | **N** | **G** | **A** | **N** | **G** | **A** | **M** | **B** | **A** | F | D | K | E | A | D |
| A | **L** | A | V | U | Z | A | B | M | I | M | P | Q | E | D | A | T |

**Hint:**

**Pahiga**

1. Magkamukhang-magkamukha
2. Napansin
3. Nag-aalala

**Patayo**

4. Ugali
5. Hitsura

- Ipabasa ang mga salita at ipabigkas itong muli sa mga bata. Itanong kung ano ang kahulugan ng mga ito.
- Sabihin, "Maari ba ninyong gamitin sa pangungusap ang mga salita/parirala?"

(Paalala sa Guro: Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng pangungusap gamit ang mga bagong natutunan na salita/parirala.)

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Gawain: Pagbasa ng Maikling Kwento** (5 minutes)

- Sabihin: Ang babasahin natin ngayon ay isang maikling kuwento na may pamagat na "Magkatulad Ngunit Magkaiba". Ang maikling kuwento ay isang anyo ng panitikan na nagsasalaysay o nagkukuwento ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan.

(Basahin nang malakas ang maikling kuwento.)

**Magkatulad Ngunit Magkaiba**

R-r-innggg! R-ringg! Ang malakas na tunog ng alarm clock ang gumising sa magkapatid na sina Ana at Bella. Dali-daling gumising si Ana upang maghanda na sa pagpasok sa paaralan. Samantala, tila walang narinig na nagpatuloy sa pagtulog si Bella.

Maya-maya pa ay pumasok sa kwarto ang kanilang nanay na si Aling Lina upang gisingin si Bella. Nagmamaktol na bumangon si Bella, at saka padabog na nagtungo sa banyo upang maligo. Napapailing na lamang si Aling Lina matapos pagsabihan ang anak.

Sina Ana at Bella ay mga mag-aaral ng Ikalawang Baitang sa D. Tuazon Elementary School. Sila ay kambal at tila pinagbiyak na bunga. Ngunit sa kabila ng pagkakatulad ng kanilang anyo, magkaibang-iba ang kanilang ugali. Si Ana ay mabait, magalang, at palakaibigan, samantalang si Bella ay mataray, masungit, at hindi marunong makisama.

Pagdating sa paaralan ay sinalubong ang kambal ng kanilang mga kaklase. Parang walang nakita na nilagpasan ni Bella ang mga ito at nagtungo sa kanyang upuan. Hindi siya interesado sa sasabihin ng mga ito at ayaw niyang mag-aksaya ng oras sa pakikipagkwentuhan.

Nahihiyang humingi ng paumanhin si Ana sa inasal ng kanyang kakambal. Nagkibit-balikat na lamang ang kanilang mga kaklase at hindi na pinansin pa ang inasal ni Bella. Madalas maganap ang ganitong klase ng eksena kaya hindi na ito dinadamdam ng kanilang mga kaklase.

Pagsapit ng bakasyon ay sabay na nagkasakit ang kambal. Nang mabalitaan

ito ng kanilang mga kamag-aral, nagpadala ang mga ito ng mga sulat, prutas, at bulaklak. Nang tiningnan ni Bella ang mga ito, napansin niyang para lahat ito kay Ana. Nakaramdam siya nang di-maipaliwanag na lungkot. Inisip na lamang niya na marahil ay hindi alam ng kanilang mga kamag-aral na siya man ay maysakit din.

Kasabay ng pagtatapos ng isang linggong bakasyon ay ang paggaling kambal. Nang pumasok sila sa paaralan ay agad na sinalubong at kinumusta ng mga bata si Ana. Tinanong nila kung tunay nga ba na siya ay magaling na. Tinanong din nila kung natanggap niya ang kanilang mga regalo, at kung nagustuhan ba niya ang mga ito?

Wala ni isa man sa kanila ang nakapansin kay Bella na tahimik na nagtungo sa kanyang upuan. Malungkot siyang umupo, at nakayuko ang ulo habang pinapakinggan ang pag-uusap ng kaniyang kambal at mga kaklase. Hindi niya namalayang tumulo ang kanyang mga luha. Naisip niya na totoong may malasakit at mahal ng kanilang mga kaklase si Ana. Naisip niya na ito ay dahil gano'n din si Ana sa mga ito.

Maya-maya pa ay narinig niya ang tinig ng isa sa kanyang mga kamag-aral. Tinanong siya nito kung maayos na ba ang kanyang pakiramdam. Saka lamang niya napansin na nakatayo pala ang mga ito sa kanyang tabi. Saad ng kanyang mga kaklase ay nangangamba sila na baka ayaw niyang makipag-usap kaya hindi agad siya nilapitan at kinumusta ng mga ito.

Nahihiyang humingi ng paumanhin si Bella sa mga naging pagtrato niya sa mga kamag-aral. Batid na niya ngayon na hindi tama ang kanyang mga inasal. Nagpasalamat din siya sapagkat nananatiling mabuti ang pakikitungo ng mga ito sa kanya sa kabila nang hindi magandang ipinakita niya.

Simula noon ay nagsikap magbago ang batang si Bella upang maging mabuting bata, anak, kaibigan, at kamag-aral.

**4B.** Mga Tanong: (5 minutes)

1. Sino-sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Saan naganap ang kuwento?
3. Bakit mas malapit ang loob ng kanilang mga kaklase kay Ana kaysa kay Bella?
4. Ano ang naramdaman ni Bella nang hindi siya pansinin ng mga kaklase nila?

Mga Inaasahang Sagot:

1. Ang pangunahing tauhan sa kwento ay sina Ana at Bella.
2. Ito ay naganap sa kanilang tahanan at paaralan.
3. Sapagkat mabait at palakaibigan si Ana hindi tulad ni Bella na masungit at hindi marunong makisama.
4. Siya ay nalungkot.

**4C. Mga Tanong/Gawain** (15 minutes)

**Gawain 1:** Sagutin ang mga tanong kaugnay ng paksa at mensahe ng maikling kwentong "Magkatulad Ngunit Magkaiba". Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Ano ang paksa ng maikling kwento na ating binasa?
2. Ano ang mensahe na nais nitong iparating?

Mga Inaasahang / Mungkahing Sagot:

1. Ang paksa ng maikling kuwento ay tungkol sa malaking kaibahan ng kambal na sina Ana at Bella sa kabila ng kanilang pagkakatulad ng anyo.
2. Ang mensahe ng maikling kwento ay:
   -Maging mabuti ka sa iyong kapwa upang maging mabuti din sila sa iyo.
   - Dapat tayong matutong makisama o makipagkapuwa-tao.
   -Ang batang mabait ay kinalulugdan.
   -Matutong tumanggap ng pagkakamali at humingi ng tawad.
   -Ang bawat isa ay maaaring magbago at magpakabuti.

**Gawain 2: Pantomime**

- Sabihin, "Naunawaan ba ninyo ang paksa at mensahe ng binasa nating maikling kuwento? Kung gayon, kayo ay magsasagawa ng isang pantomime. Hahatiin natin sa 2 pangkat ang klase. Ang unang pangkat ay magsasagawa ng pantomime hinggil sa paksa at ang ikalawang pangkat naman ay magsasagawa ng pantomime hinggil sa mensahe nito."

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.
Panuto: Isulat sa inyong papel ang mensahe at paksa ng maikling kuwento.

1. Lumaki sa kahirapan si Ben. Ngunit sa kabila nito ay nagsikap siyang makapagtapos ng kanyang pag-aaral. Pumasok siya sa ibat-ibang *part time job* katulad ng pagiging *crew* sa *fast food*, pagdedeliver ng mga padala, at iba pa. Hindi siya sumuko kahit na may mga pagkakataong nakadarama siya ng pagod. Hanggang sa wakas ay nagbunga din ang kanyang pagsisikap. Siya ay nakapagtapos at tumanggap pa ng karangalan. Sa kasalukuyan ay isa na siyang guro at nagtuturo sa mga mag-aaral na tulad niya ay may pangarap at pursigidong makatapos.

Tanong:

1. Ano ang paksa ng maikling kuwento?
2. Ano ang mensaheng nais nitong iparating sa mambabasa?

- Itanong, "Nais din ba ninyong makapagtapos ng pag-aaral? Ano ang dapat ninyong gawin upang magawa ito?"
- "Paano ninyo natukoy ang mensahe at paksa ng maikling kuwento na ating binasa?"

**Day 3, Lesson Plan 5**
**Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Pabula**

**Key Idea**
Pagbibigay ng susunod na mangyayari sa pabula

**Most Essential Learning Competencies**
Naibibigay ang susunod na mangyayari sa pabula

**Bahagi 1: Lesson Short Review**
Oras: 7 mins.

Pagmasdan ang larawan.
(Sabihin kung ano ang susunod na gagawin ng bata)



Pagkatapos siya ay……  at 

Ano sa palagay ninyo ang susunod niyang gagawin?
Ano ba ang kaniyang pinaghahandaan?

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention**
Oras: 3 mins.
(Sa araling ito ay nasasabi kung ano ang susunod na mangyayari)



*(Ipakita ang larawan ng bata)*

Itanong: Ano kaya ang gagawin niya?

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**
Oras: 5 mins.


**Game: Bugtungan Tayo**
**Ako ay mabagal maglakad sa daan, ngunit mabilis naman ako sa tubig. Sino ako?*
*(sa tingin ko po siya ay Si Pagong)*

*Putian, abuhin ang kulay ko, maliksi makulit, ako ang simbolo sa Easter egg hunting. Sino ako? (Ikaw si Kuneho.)*

*Sa araling ito, tayo ay magbabasa ng isang pabula na pinamagatang, "Si Kuneho at Si Pagong"

**Bahagi 4: Lesson Activity**
Oras: 25 mins.

Basahin natin ang pabulang "Si Kuneho at Si Pagong"




*Isang araw ay nagkasalubong sa daan ang Kuneho at ang Pagong. Ngingisi-ngising inaglahi ng Kuneho ang Pagong. "Hoy, Pagong," sigaw ng Kuneho, "pagkaikli-ikli ng mga paa mo at pagkabagal-bagal mong lumakad." Hindi ipinahalata ng Pagong na siya ay nagdamdam. Upang patunayang may maipagmamalaki din naman ay sinagot niya ang mayabang na kalaban.*

*"Aba, Kuneho, maaaring mabagal nga akong maglakad pero nakasisiguro akong matatalo kita sa palakasan. Baka gusto mong pabilisan tayong makaakyat sa tuktok ng bundok pagsikat ng araw bukas. Tinatanggap mo ba ang hamon ko?"*

*Tuwang-tuwa ang Kuneho sa hamon ng Pagong. Nakasisiguro siyang sa bagal ng Pagong ay tiyak na mananalo siya. Upang mapahiya ang Pagong ay pinagtatawag ng Kuneho ang lahat ng kamag-anak niya.*

*Pinulong niya ang mga ito at inutusang palakpakan siya kapag matagumpay na naakyat na niya ang tuktok ng bundok. Iniutos din niyang kantiyawan sa mabagal na pag-usad ang kalaban.*

*Maagang-maaga dumating sa paanan ng bundok ang maglalaban.*

*Maaga ring dumating ang iba't ibang hayop na tuwang-tuwang makasasaksi ng isang tunggalian.*

*Kapansin-pansing kung maraming kamag-anak si Pagong ay higit na maraming kamag-anak ni Kuneho ang nagsulputan.*

*Nang sumisikat na ang araw ay pinaghanda na ng Alamid ang maglalaban. Ang mabilis na pagbababa ng kaniyang kanang kamay ang hudyat na simula na ang laban.*

*Sabay na gumalaw paakyat ng bundok ang magkalaban. Mabilis na tumalon-talon ang mayabang na Kuneho paitaas na parang hangin sa bilis. Nang marating na niya ang kalahatian ng bundok at lumingon paibaba ay natanawan niya ang umisod-isod na kalaban.*

*Maraming naawa sa mabagal na Pagong.*

*"Kaya mo yan! Kaya mo yan!" pagpapalakas ng loob na sigaw ng kaniyang tatay, nanay, kuya, ate, at mga pinsan.*

*“Talo na yan! Talo na yan! Pagkabagal-bagal!” sigaw na panunudyo ng mga kamag-anak ni  Kuneho.*
*Kahit kinukutya ay sumige pa rin si Pagong. Buong loob siyang nagpatuloy sa pag-isod.*
*Malayong-malayo na ang naakyat ni Kuneho. Nagpahinga ito ilang sandali upang tanawin ang anino ng kalaban. Nang walang makitang anumang umuusad ay ngingisi-ngising sumandal ito sa isang puno at umidlip.*
*Kahit na sabihing napakabagal umusad ay pinagsikapan ng Pagong na ibigay ang lahat ng lakas upang unti-unting makapanhik sa bundok.*
*Nang matanawang himbing na himbing sa pagtulog ang katunggali ay lalong nagsikap umisod-isod pataas ang pawisang Pagong.*
*Palabas na ang araw nang magising si Kuneho. Nanlaki ang mga mata nito nang matanawang isang dipa na lamang ang layo ng Pagong sa tuktok ng bundok.*
*Litong nagtatalon paitaas ang Kuneho upang unahan si Pagong. Huli na ang lahat sapagkat narating na ng masikap na Pagong ang tuktok ng tagumpay.*

https://pinoycollection.com/si-kuneho-at-si-pagong/

**4A. Pangkatan**

*Pangkatin ang mga mag-aaral sa 2 pangkat.
Pangkat 1: Kuneho
Pangkat 2: Pagong
*Bigyan ng envelop na may nilalamang mga larawan hango sa binasang pabula.
*Ipaayos ang mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod ng pangyayari sa kuwento.

**4B. Pagtalakay**

*Muli itong ikuwento gamit ang larawan ayon sa iyong pagkakaunawa.
*Sabihin kung ano ang maaring mangyari kung…
a. Naging mahaba ang mga paa ni Pagong
b. Napikon si Pagong sa mga salita ni Kuneho
c. Naging mabait si Kuneho kay Pagong


**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Oras: 5 mins.

- Itanong: Kung anong aral ang natutunan sa binasang pabula.

***Aral:***

- *Walang imposible sa taong nagsusumikap.*
- *Huwag maging mayabang. Tandaan, ang taong nagmamataas ay lalong bumababa at ang taong nagpapakababa ay siyang tinataas.*
- *Huwag magpaka-kampante sa isang labanan o tunggalian. Huwag mong hamakin ang kakayahan ng iyong kalaban.*

**Gawain 1**
Isaayos ang mga larawan ayon sa pangyayari sa binasang pabula.




*Bukas, ang mga pangyayari sa kuwento ay inyong isasadula.

**Gawain 2**
**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong ukol sa pabula. Itiman ang bilog na katumbas ng iyong sagot.


1. Sa kuwentong "Si Kuneho at Si Pagong", sino ang nanalo sa paligsahan?
   O Si Pagong O Si Kuneho O Si Kalabaw
2. Ano ang ugali ni Kuneho?
   O mabait O mayabang O masipag
3. Sino sa dalawa ang may ugaling mapagkumbaba at matiyaga?
   O Si Pagong O Si Kuneho
4. Ano ang ginawa ni Pagong nang makitang natutulog si Kuneho?
   O naglaro O naglakad O nagsayaw
5. Ano ang naging reaksyon ni Kuneho ng makita niya Si Pagong na malapit na sa *finish line*?
   O nagulat at nagalit O nagulat at natuwa O natakot at nagalit

**Gawain 3**

**Panuto**: Ibigay ang maaring mangyari. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kung naging mahaba ang mga paa ni Pagong
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Kung napikon si Pagong sa mga salita ni Kuneho
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Kung naging mabait si Kuneho kay Pagong
   ______________________________________________
   ______________________________________________

**Gawain 4**
**Panuto:** Gawan ng usapan ang komiks sa ibaba.



Anong aral ang nakuha mo sa kuwento? Isulat sa loob ng papel ang iyong aral na natunan pagkaraang talakayin at basahin ang pabula.

**Day 3, Lesson Plan 6**
**Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Pabula**

**Key Idea**

Pagbibigay ng susunod na mangyayari sa pabula

**Most Essential Learning Competencies**

Naibibigay ang susunod na mangyayari sa kuwento batay sa tunay na pangyayari, pabula, tula, at tugma.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**
Oras: 7 mins.


**A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin**

Sabihin: "Mga bata, ano-ano ang inyong ginagawa bago matulog at bago pumasok sa paaralan".

Ipagawa: Bilang gawain, isulat ninyo sa ibibigay kong istrip ng papel ang mga hakbang na ginagawa ninyo bago matulog at pagpasok sa paaralan. (Bigyan sila ng istrip ng papel at panulat)

Pangkatin ang klase sa 2
Group A: Bago matulog
Group B: Bago pumasok sa paaralan

Isa-ayos sa pisara ang inyong mga gawa ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari/hakbanging ginawa. (Hayaang ipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa tulong ng mapa.)



Mga Inaasahang sagot:

A. Una, maglinis ng katawan. Susunod, magsepilyo ng ngipin. Pagkatapos, magpalit ng damit pantulog. At higit sa lahat, magdasal bago matulog Panghuli, mahihiga na upang matutulog.

B. Una, bumangon saka ligpitin ang higaan. Pangalawa, magpasalamat sa Diyos. Pangatlo, magmumog pagkatapos kumain. Pang-apat, maligo at magbihis. At panghuli, pumasok na sa paaralan.


**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention**
Oras: 3 mins.

Sa araling ito, ating tatalakayin ang mahalagang mensahe ng kuwento at ang tamang paraan ng pagkukuwento o pagsasalaysay ayon sa mga pangyayaring naganap sa kuwento.

Malalaman din ninyo kung bakit mahalagang mapagsunud-sunod natin nang maayos ang mga pangyayari o detalye.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**
Oras: 5 mins.

Mga bata, pagmasdan ang larawan. Ano ang nais iparating ng larawan? Bakit kaya niya ito ginagawa?



Mga Inaasahang sagot:

Batang nagtitinda po.

Masayang nagtitinda po.


Tumutulong po siya sa kanyang nanay at tatay.

Sabihin: “Mahusay mga bata”.

Kayo ba ay nagbabasa nito? Ano-ano ang mababasa natin dito?

Bago tayo makinig sa kuwentong aking babasahin, alamin muna natin ang mga pamantayan sa pakikinig? (hayaang ang mga mag-aaral ay magsabi ng pamantayan).

**Ngayon naman, tignan natin kung ang inyong mga nabanggit ay kabilang dito sa nakalistang mga pamantayan sa pakikinig. Isa-isahin natin.**




**Bahagi 4: Lesson Activity**
Oras: 25 mins.

**Gawain 4A**

Ngayon naman ay magbabasa ako ng kuwento at kayo ay makikinig.

Habang ako’y nagbabasa at may salitang di ninyo nauunawan, maari lamang na magtaas ng kamay upang maipaliwanag ko agad. Naintindihan po ba?

Ang kuwento ay may pamagat na…

**Dyaryo, Dyaryo!**

*Akda ni Nida C. Santos*

"Dyaryo! Dyaryo!" ang sigaw ng batang si Primo. Pagtitinda ng dyaryo ang hanapbuhay ni Primo. Sa kanyang gulang na walo ay marunong na siyang tumulong sa kanyang nanay at tatay sa mga gawain. Kumikita siya ng halagang isang daang piso kada araw sa kanyang pagtitinda ng dyaryo tuwing umaga. Dahil dito, hindi na siya humihingi ng baon sa kanyang mga magulang.

Isang araw, maagang nagtinda ng dyaryo si Primo. Marami ang bumiling dyaryo sa kanya. Nagtataka si Primo kung bakit lahat ng taong makita niya ay nais bumili ng dyaryo. Pati na ang mga kapitbahay nilang sina Aling Gloria, Mang Placido, at Aling Trinidad ay bumili rin ng dyaryo. Dumaan si Primo sa bahay ng kanyang mga kaibigang sina Brix, Tricia, Troy, at Brando. Nakita niya na ang tatlo ay nagbabasa na rin ng dyaryo. Pati ang dyanitor nila sa paaralan na si Mang Bruno ay nagbabasa rin ng dyaryo. Nagtataka si Primo kung bakit ang lahat ng tao ay abala sa pagbabasa ng dyaryo. Bahagyang huminto si Primo sa paglalakad at binasa niya ang nilalaman nito.

May anunsiyo sa dyaryo na masama ang klimang mararanasan, may mga paalala na maghanda lalo na sa malaking pagbaha na may kasamang mga troso mula sa bulubundukin. Namangha si Primo sa balita. Kaagad siyang umuwi ng bahay at ibinalita sa magulang ang maaaring mangyari sa maghapon at magdamag. "Mabuti na lamang at naubos na ang tinda kong dyaryo," ang sambit pa ni Primo.

**Gawain 4B**

Sagutin ang mga katanungang ito tungkol sa kuwentong inyong napakinggan.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
3. Saan naganap ang kuwento?
4. Ano ang ginagawa ni Primo tuwing umaga?
5. Magkano ang kinikita ni Primo sa pagtitinda ng dyaryo tuwing umaga?
6. Kung siya ay magtitinda ng dyaryo sa loob ng isang Linggo magkano kaya ang kanyang kikitain?
7. Ano ang napansin ni Primo sa mga tao?
8. Bakit abala ang mga tao sa pagbabasa ng dyaryo?
9. Ano ba ang anunsiyong nakasulat sa kanilang binasa sa dyaryo?
10. Sa inyong palagay, dapat bang paghandaan ng mga tao ang

ganitong anunsiyo? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

11. Kung ikaw ang nakabasa ng ganitong anunsiyo, ano ang maaari mong gawing paghahanda ukol dito?
12. Bakit kailangan na paghandaan ang ganitong uri ng anunsiyo?
13. Sa iyong palagay, ano ang katangian ni Primo? Tutularan mo ba ang katangian niyang ito?
14. Ano ang mensahe at aral na iyong natutuhan sa kuwento?
15. Alin sa mga bahagi ng kuwento ang iyong naibigan? Ipaliwanag ang iyong kasagutan?
16. Ano ang mahahalagang pangyayari ang naganap sa kuwento?

Gamit ang pangkatan kanina, tumawag ng bata sa bawat grupo upang sagutin ang mga katanungan. Ang may akmang kasagutan ang bibigyan ng puntos para sa kanilang pangkat. (Gamitin ang istratehiyang ROUND TABLE o NUMBER HEAD)


| **PANGKAT A** | **PANGKAT B** |
|---|---|
| | |


**Gawain 4C**

**Panuto**: Basahin ang kuwento. Ayusin ang larawan batay sa tamang pagkasunod sunod ng pangyayari sa kuwento. Isulat sa kahon ang numero 1-5.

*Tuwing Linggo, nakaugalian na ng pamilyang Cruz ang pagsisimba. Sama- sama silang pumupunta sa simbahan. Tahimik silang nakikinig sa sermon ng pari. Pagkatapos ng misa, namamasyal sila sa parke. Pag nakararamdam ng gutom, sila ay kumakain sa labas. Tuwang tuwang umuuwi ang mag-anak sa kanilang tahanan.*











**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

**Gawain 1:** Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong binasa. Lagyan ng bilang 1-11.

______Dahil hindi maakyat ni Pagong ang kaniyang saging, nakipagkasundo siya kay Matsing na siya ang aakyat at maghahati sila sa mapipitas na bunga.

______Kinuha nina Pagong at Matsing ang puno ng saging at pinaghatian ito.

______Isang araw, namasyal sa tabing – ilog si Pagong at si Matsing.

___Kinuha ni Matsing ang bahaging may dahon at itinanim ito sa kakahuyan. Kinuha naman ni Pagong ang bahaging may ugat at itinanim ito sa tabing – ilog.

______Inubos ni Matsing ang lahat ngbunga kaya nagalit si Pagong.

______Nakakita si Pagong ng isang nakalutang na puno ng saging.

______Dahil sa pagkatuwa ni Pagong, naisip ni Matsing na tadtarin si Pagong na ikinatuwa naman niya dahil dadami siya at magkakaroon ng kasama

______Kinalaunan, namatay ang itinanim ni Matsing at nagkabunga ang kay Pagong.

______Dahil natuwa na namang muli si Pagong, napagdesisyunan ni Matsing na itapon na lang si Pagong sa ilog upang malunod.

______Hindi nalunod si Pagong dahil marunong siyang lumangoy. Naisahan niya si Matsing.

______Nilagyan ni Pagong ng mga tinik ang bababaan ni Matsing kaya natinik ito at nasaktan.

**Day 4, Lesson Plan 7**

**Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar**

## Key Idea

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar.

## Most Essential Learning Competencies

- Naisasalaysay ang binasang teksto na may tamang pagkasunod-sunod sa tulong ng mga larawan
- Nasasagot ang mga pamatnubay na tanong

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: "Noong nakaraang taon, natutunan natin ang tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan at pamatnubay na tanong.
- Ipakita ang mga larawan na nasa ibaba. Sabihan ang mga mag-aaral na pagsunod-sunurin ang mga larawan sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1 hanggang 4 nang tamang paghahanda bago kumain.



**Tanong:**

1. Isulat ang iyong ginagawa bago pumasok sa paaralan. Kumpletuhin ang pangungusap sa ibaba.



Bago ako pumasok sa paaralan, ang ginagawa ko ay_______________________________.

2. Ibahagi sa katabi ang iyong isinulat.
3. Ipaliwanag sa katabi kung bakit ito ang iyong unang ginagawa.

- Tumawag ng mag-aaral na gustong magbahagi ng kanyang ginagawa bago pumasok sa paaralan.

**Halimbawang Sagot:**

1. Bago pumasok sa paaralan, ang ginagawa ko ay kumakain.
2. Bago ako pumasok sa paaralan, ang ginagawa ko ay kumakain.
3. Bago pumasok sa paaralan, ang ginagawa ko ay kumakain dahil kailangan ko ng enerhiya sa pag-aaral.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

- Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang araling ito ay tungkol sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari gamit ang mga larawan at pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento.


**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

- Basahin nang sabay-sabay ang mga salitang nasa loob ng kandado.

- Sabihan ang mga mag-aaral na hanapin ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na larawan.











**Bahagi 4: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

- Ang araling ito ay tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkasunod-sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong.

- Tanungin ang mga mag-aaral:
  1. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sayo upang mas maintindihan ang aralin tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkasunod-sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong.

  2. Ang aralin bang ito ay nakatulong sa iyo upang maalala ang tamang pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkasunod-sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong.

  Ipaguhit sa mga mag-aaral ang masayang mukha ☺ kung nakatulong sa kanila ang aralin at isulat sa ibaba nito ang nais pa nilang matutuhan sa aralin.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
____________________________

- Ipaalala sa mga mag-aaral na ang mabuting mag-aaral ay nasasalamin sa kanilang pagkatuto at natutunan.

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

Maaaring gamitin ang duck race para sa pagpili ng mga batang sasagot.
https://www.online-stopwatch.com/duck-race/?countdown=00:00:30#google_vignette

**Day 4, Lesson Plan 8**

**Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar.**

**Key Idea**

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar.

**Most Essential Learning Competencies**

- Naisasalaysay ang binasang teksto na may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng story grammar
- Nasasagot ang mga pamatnubay na tanong

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: "Napag-aralan natin ang tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga pamatnubay na tanong at story grammar.
- Sabihan ang mga mag-aaral na pagsunod-sunorin ang mga larawan ng tamang paghugas ng kamay na makikita sa pisara.
- Tumawag ng mga batang boluntaryo upang isaayos ang mga larawan.
  Q1. Ano ang una nating ginagawa sa paghuhugas ng kamay?
  Q2. Ano ang kasunod na ginagawa natin sa pagkatapos nating basain ng malinis na tubig ang ating kamay?
  Q3. Base sa una at ikalawang larawan, ano ang sunod nating gagawin?
  Q4. Ano naman ang pinakahuling nating ginagawa matapos nating mabanlawan ang ating kamay?
  Q5. Bukod sa paghugas ng kamay gamit ang malinis na tubig at sabon, ano pa ang maaari nating gamitin upang panatilihing malinis ang ating kamay lalo na kapag tayo ay wala sa bahay?




- Pagkatapos ayusin ay tumawag ng ibang mga batang maglalagay ng bilang 1 hanggang 4 sa maliliit na parisukat sa mga larawan.

**Halimbawang Sagot:**

Q1. Ang una nating ginagawa ay basain ng tubig ang mga kamay at sabunin ang mga ito.

Q2. Ang ikalawang ginagawa ay sabunin at kuskusin nang mabuti ang kamay sa loob ng 20 segundo.

Q3. Maaari na nating banlawang mabuti ng malinis na tubig ang ating kamay.
Q4. Ang pinakahuling ginagawa ay ipapagpag na natin ang ating mga kamay sa hangin hanggang matuyo o kaya naman ay punasan ng malinis na tuwalya.
Q5. Kapag tayo ay nasa labas ng bahay ay maaari tayong gumamit ng alcohol o *sanitizer*.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

- Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang araling ito ay tungkol sa pagsasalaysay ng babasahing kwento sa tulong ng story grammar at pagsagot ng mga pamatnubay na tanong.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.
Panuto: Basahin nang malakas at sabay-sabay ang mga salitang nasa loob ng kandado.
Ipahanap sa mga mag-aaral ang kahulugan ng bawat salita gamit ang mga panulong na mga pangungusap at kahulugan.

| A | | | B |
|---|---|---|---|
| 1 |  | Masaklap ang nangyari sa laruan ni Carlo dahil ito ay nasira. | a. Mabilis na kilos |
| 2. |  | Naubos na ang kuwadernong ginagamit ni Ana sa Filipino dahil lagi niya itong sinusulatan. | b. Modelo |
| 3. |  | Biglang umulan nang malakas kaya kumaripas ng takbo ang magkapatid. | c. Isang uri ng sulatang papel na ginagamit ng karamihan sa mga mag-aaral. |
| 4. |  | Si Dan ay huwarang bata kaya siya ay nakatanggap ng parangal sa klase. | d. Hindi kaayaya-ayang ugali ng tao. |
| 5. |  | Binato ng mga batang salbahe ang salamin ng aming bahay. | e. May hindi magandang nangyari. |

**Mga Inaasahang Sagot:**

1. Masaklap- May hindi magandang nangyari.

2. Kuwaderno- Isang uri ng sulatang papel na ginagamit ng karamihan sa mga mag-aaral.

3. Kumaripas- Mabilis na kilos


4. Huwaran- Modelo

5. Salbahe- Hindi kaaya-ayang ugali ng tao.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**Gawain 4A**

- Ipakita ang mga larawan ng dalawang lapis habang binabasa ang kuwento sa mga mag-aaral.
- Hayaang basahin at intindihin ng mga mag-aaral kuwento.
- Gamitin ang mga larawan sa ibaba habang nagkukwento.

SI LAPWAN AT SI LAPTU
*Ni: Ailene R. Impabido*



Isang hapon, dalawang lapis ang nalaglag sa palaruan ng paaralan mula sa dalawang batang mag-aaral. Nagtagpo at nag-usap ang dalawang lapis.




"Kumusta ka Laptu?", ang tanong ni Lapwan. "Mabuti, ikaw Lapwan kumusta?", ang sagot ni Laptu. "Masaklap kaibigan", malungkot na saad ni Lapwan. "Bakit naman? Anong ibig mong sabihin?", sunod-sunod na tanong ni Laptu. "Dahil ang amo ko ay salbahe at laging wala sa klase. Ako'y madalas niyang ipangsulat sa

damit ng kaklase pag hindi nakatingin si Titser, pati na rin sa upuan, dingding ng silid-aralan at kung saan-saan pa.



Isang araw nang may nakagalit siyang kaklase, ay ginamit niya akong panaksak. Mabuti na lamang nakailag at kumaripas ng takbo ang bata", mahabang pagpapaliwanag ni Lapwan. Bakas na bakas sa mga mata ni Lapwan ang kalungkutan. "Ikaw naman, kumusta?" kasunod na tanong ni Lapwan.




"Tsk! Tsk! Di nga pala talaga mabuti", naaawang sagot ni Laptu sa kaibigang lapis. "Ang amo ko ay marunong at mabait. Ako ay ginagamit niya lamang sa pagsulat sa kanya papel at kuwaderno. Madalas ay perfect at sinusulatan ng Very Good ng mga Titser niya lahat ng ipinasulat at ipinaguhit niya sa akin.



Huwag kang mawawalan ng pag-asa Lapwan baka mapulot ka nang isang huwarang mag-aaral. Hayan oh nakatingin! Hayan siya, Siya yung kaibigan ng amo ko na palaging humihiram ng lapis sa kanya", wika ni Laptu. Pinulot ng batang lalaki si Lapwan, "Kaninong lapis ito sigaw niya", ngunit walang sumagot. "Nakakalungkot

naman, wala na akong silbi. Pe…pero bakit pinupunasan ako ng batang ito? Nilagay nya ako sa kanyang *pencil case* at ito ay napakalinis, mag isa lang ako dito, ang luwang at ang ayos ng kanyang bag. Sa wakas may bago na akong amo", masayang saad ni Lapwan. Gayundin, kinuha na rin si Laptu ng kanyang amo.

- Tanungin ang mga mag-aaral kung may mga salitang hindi pamilyar o hindi maintindihan sa binasang kuwento.

**Gawain 4B**

- Itanong ang mga sumusunod na pamatnubay na tanong:

  *Q1.* Ano ang pamagat ng binasang kuwento?

  *Q2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?*

  *Q3. Saan naganap ang binasa natin? Ilarawan ito.*

- *Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na makasasagot sa mga tanong*

**Halimbawang Sagot:**

*Q1. Ang pamagat ng binasang kuwento ay "Si Lapwan at si Laptu".*

*Q2. Ang mga tauhan sa kuwento ay si Lapwan at si Laptu.*

*Q3. Naganap ito sa palaruan ng paaralan.*

**Gawain 4C**

- Itanong ang mga sumusunod:

*Q4. Bakit malungkot ang lapis na si Lapwan?*

*Q5. Kung ikaw ang nagmamay-ari ng isa sa mga lapis, alin sa dalawa kaya ang pagmamay-ari mo? Bakit?*

*Q6. Ano ang mabuting aral na natutuhan sa ating kuwento?*

- *Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na makasasagot sa mga tanong.*

**Halimbawang Sagot:**

*Q4. Malungkot ang lapis na si Lapwan dahil siya ay hindi ginagamit nang maayos ng kanyang amo.*

*Q5. Kung ako ang nagmamay-ari ng lapis, ang pagmamay-ari ko ay si Laptu dahil maingat ako sa lapis, ginagamit ko ito sa tamang paraan.*

*Q6. Ang aral na natutunan ko ay dapat na gamitin lamang sa tama ang lapis, hindi ito ginagamit panulat kung saan-saan at panaksak ng kaklase.*

Sabihin (gamitin ang larawan sa ibaba)




- Ang kuwento ay may tatlong elemento: ito ay ang tauhan, tagpuan, at mga pangyayari.
- Ang tauhan ay ang mga tao na gumanap sa kuwento.
- Ang tagpuan ay nagsasaad kung saan at kailan nangyari ang kuwento.
- Ang pangyayari naman ang nagpapakita ng mga naging suliranin at kalutasan sa kuwento.

- Ipalagay sa mga mag-aaral ang mga nakahandang strip ng papel sa wasto nitong kalalagyan

| |
|---|
| Si Lapwan at si Laptu |
| Lapwan at Laptu |
| Palaruan ng paaralan |
| Malungkot ang isang lapis na si Lapwan dahil siya ay hindi ginagamit nang maayos ng kanyang amo. |
| May nakapulot kay Lapwan na panibagong amo na mag-aalaga sa kanya nang maayos |

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

- Ang araling ito ay tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto gamit ang story grammar at pamatnubay na tanong.

- *Tanungin ang mga mag-aaral:*
- *Q1. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sayo upang mas maintindihan ang aralin tungkol sa* pagsasalaysay ng binasang teksto gamit ang mga pamatnubay na tanong?
- *Q2. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sayo upang mas maintindihan ang aralin tungkol sa* pagsasalaysay ng binasang teksto gamit ang story grammar?

- Ipaguhit sa mga mag-aaral ang masayang mukha kung nakatulong sa kanila ang aralin at isulat sa ibaba nito ang nais pa nilang matutuhantungkol sa aralin.

| |
|---|
| ______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>__________________________<br><br>Ipaalala sa mag-aaral na ang mabuting mag-aaral ay nasasalamin sa kanilang pagkatuto at natutunan. |
| **Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.<br><br>Maaaring gamitin ang duck race para sa pagpili ng mga batang sasagot.<br>https://www.online-stopwatch.com/duck-race/?countdown=00:00:30#google_vignette |

**Day 5, Lesson Plan 9**
**Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari sa Binasang Talata at Teksto**

**Key Idea**

- Natutukoy ang Sanhi at Bunga sa pangungusap.
- Naiuugnay ang Sanhi at Bunga.

**Most Essential Learning Competencies**
- Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata at teksto

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
  - Napag-aralan natin ang tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga pamatnubay na tanong at story grammar.
  - Ngayon may babasahin tayong kuwento.
- Pagbasa ng kuwento



Si Enzo ay nasa Ikalawang Baitang. Mahilig siyang mag-aral. Palagi niyang ginagawa ang kanyang mga takdang-aralin at mga proyekto na ibinibigay ng kanilang guro. Hindi rin niya nakalilimutang mag-*review* ng kanilang mga aralin araw-araw kaya naman palagi siyang nakakukuha ng mataas na marka at nakasasagot sa mga tanong ng guro sa tuwing sila ay nagkaklase.

T1. Ano kaya ang magiging wakas ng kuwento?

A. Magkakaroon siya ng karangalan
B. Mapapagod siya sa kanyang ginagawa
C. Magagalit ang kanyang mga kaklase sa kanya

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay mapag-uugnay mo ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata at teksto.
- 

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

- Sabihin: Basahin ang mga salita

| kendi | sipilyo | dentista | ngipin | bunutin |
|---|---|---|---|---|

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**4A. Pagbasa ng Kuwento**

- Basahin ang maikling kuwento.



**Si Mayumi, ang Batang Mahilig sa Kendi**

Si Mayumi ay isang batang mahilig kumain ng matatamis na pagkain lalong-lalo na ang kendi. Kahit maraming beses na siyang pinagsabihan ng kanyang ina na iwasan na ang pagkain ng mga kendi ay patuloy parin siya sa pagkain nito. Madalas din niyang nakalilimutang magsipilyo kahit na palagi siyang pinapaalalahanan ng kanyang ina. Isang araw, biglang sumakit ang ngipin ni Mayumi. Iyak siya nang iyak dahil sa sobrang sakit nito. Nang mawala na ang sakit ay agad siyang dinala ng kanyang ina sa dentista. Nang suriin siya nito, sinabi sa kanya na may sira na ang kanyang ngipin kaya naman kailangan na itong bunutin upang hindi ito sumakit. Pinayuhan din siya ng dentista na kailangan niyang magsipilyo palagi upang hindi masira ang kanyang mga ngipin. Mula noon, lagi na siyang nagsisipilyo at iniiwasan na ang pagkain ng mga kendi.

Tanong:

- Sino ang batang mahilig sa kendi?
- Ano ang madalas niyang makalimutan?
- Ano ang dahilan ng kanyang pag-iyak?
- Saan siya dinala ng kanyang ina?
- Bakit kailangang bunutin ang kanyang ngipin?
- Kung kayo si Mayumi, susundin niyo rin ba ang payo ng dentista? Bakit?

**4B.**


- Sabihin: Ano ang Sanhi at Bunga?
- Ang **Sanhi** ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang kilos, kalagayan, o pangyayari. Samantalang, ang **Bunga** ang kinauwian o kinalalabasan ng gawain o pangyayari.
- Gumagamit ng mga pang-ugnay sa pagbuo ng isang teksto o mga pangungusap na sanhi at bunga.
- Sanhi: sapagkat, dahil sa/kay, kasi, palibhasa
- Bunga: kaya, bunga ng, epekto ng bunsod ng/nito
- Halimbawa: Iyak siya nang iyak dahil sa sobrang sakit ng kanyang ngipin.


May sira na ang kanyang ngipin kaya kailangan na itong bunutin.

- Magbigay ng iba pang halimbawa
  Tamad siya mag-aral at palaging tulog sa klase kaya hindi siya nakapasa.
  Nagalit ang guro dahil maingay ang mga bata.
  Malakas ang buhos ng ulan kaya lumubog sa baha ang bayan.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan ninyo ang aralin, sagutan ang gawain na ito.
- Tukuyin kung ang nakasulat sa loob ng papel ay Sanhi o Bunga. Idikit sa loob ng buto kung ito ay Sanhi at ilagay naman sa loob ng prutas kung ito ay Bunga.





1. Umiiyak ang bata
dahil nawala ang kanyang baon.
2. Mahusay sumayaw si Karen
kaya siya ang nanalo sa paligsahan.
3. Umuwi ng bahay si Lito
dahil naiwan niya ang kanyang pitaka.
4. Nag-aaral nang mabuti si Gina
sapagkat gusto niyang maging doktor.
5. Malakas ang ulan kagabi
kaya bumaha sa aming lugar.

- Pagtatapos ng aralin:
- Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang mas maging magaling pa kayo sa pag-ugnay ng sanhi at bunga.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 5, Lesson Plan 10**
**Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari sa Binasang Talata at Teksto**

**Key Idea**


- Natutukoy ang Sanhi at Bunga sa pangungusap.
- Naiuugnay ang Sanhi at Bunga.

**Most Essential Learning Competencies**
- Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata at teksto


**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.
**Game: Matching Game**

- Sabihin: Pagtapatin ang dalawang magkapares na larawan upang maipakita ang kaugnayan nito sa isa't isa. Idikit ito sa pisara.

**1.**  

**2.**  

**3.**  

**4.**  

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.
- Sabihin: Sa araling ito ay mapag-uugnay mo ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata at teksto.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.
**Game: Hulaan Mo**

- Sabihin: Sa pagpapatuloy ng aralin, pagtambalin ang magkaugnay na mga parirala upang mabuo ang pangungusap.
  1. Napakainit ng panahon — * kaya nagutom siya
  2. May sirang ngipin si Lito — * kaya maraming bahay ang nasira
  3. Hindi nag-aral si Carla — * kaya pumunta siya sa dentista
  4. Hindi kumain ng niyang tanghalian si Michael — * kaya mababa ang nakuha marka sa pagsusulit
  5. Napakalakas ng bagyo — * kaya binuksan namin ang aircon

- Ipabasa ang mga pangungusap. Tumawag ng *volunteer* na magbasa, isahan, dalawahan at pangkatan.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**4A. Pagbasa ng Kuwento**

Araw ng Sabado, masayang-masaya si Liam sapagkat wala silang pasok. Maya-maya pa ay umulan kaya mas lalo siyang sumaya. Nagpaalam si Liam sa kanyang ina kung maaari siyang maligo ngunit hindi siya pinayagan dahil maaari siyang magkasakit. Gayunpaman, bigla siyang lumabas ng bahay at naligo sa ulan. Dahil hindi niya sinunod ang kanyang ina, kinabukasan ay nagkaroon siya ng lagnat.

Tanong:

- Bakit masayang-masaya si Liam?
- Ano ang dahilan kung bakit lalo siyang sumaya?
- Bakit hindi siya pinayagan ng kanyang ina na maligo sa ulan?
- Ano ang nangyari dahil hindi niya sinunod ang kanyang ina?
- Ano ang iyong natutuhan mula sa kuwento?

- Ipaliwanag sa mga bata na ang mga nasabi/nasagot nilang dahilan ay ang sanhi at ang mga nangyari/resulta ay ang Bunga.

- Ang **Sanhi** ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang kilos, kalagayan, o pangyayari. Samantalang, ang **Bunga** ang kinauwian o kinalabasan ng gawain o pangyayari.

**4B. Identification**

- Sabihin: Ngayon ay alam na ninyo ang kahulugan ng sanhi at bunga. Subukan mo naman tukuyin kung ang sumusunod ay sanhi o bunga. Isulat ang **S** kung ang parirala ay Sanhi at **B** naman kung ito ay Bunga
  1. ___ Nag-aral nang mabuti si Alex
     ___ kaya mataas ang marka niya sa pagsusulit.

  2. ___ May sugat si Andy
     ___ kaya iyak siya nang iyak.

3. ___ Nasa ospital si Joshua
   ___ dahil mataas ang kanyang lagnat

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Itaas ang kard na Sanhi kung ang may salungguhit ay dahilan ng pangyayari at kard na Bunga naman kung ito ay ang kinalabasan/resulta ng pangyayari.
  1. Hindi naplantsa ang uniporme ni Lisa dahil nawalan sila ng kuryente.
  2. Dahil nakalimutan ni Roselle ang kanyang I.D., bumalik siya sa bahay.
  3. Hindi pumasok si Manuel sapagkat mataas ang kanyang lagnat.
  4. Dahil madulas ang sahig, nadulas at nasaktan ang isang mag-aaral.
  5. Nakalabas ang tuta kasi naiwang nakabukas ang gate.

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay aalamin naman natin ang tungkol sa paglalarawan.

**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

**Day 6, Lesson Plan 11**
**Pang-uri**

**Key Idea**

- Pagkilala sa mga salitang naglalarawan

**Most Essential Learning Competencies**

Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.
Awit: Sampung Mga Daliri

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Ipaawit ang “Sampung Mga Daliri”

Tanong:
T1. Ano ang naramdaman mo habang ikaw ay umaawit?
T2. Ano-anong bahagi ng katawan ang binanggit sa awit?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay makikilala ang mga salitang naglalarawan, at makapaglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.



**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***



Time: 5 mins.

**Game: Hawak Mo, Hulaan Mo!**

- Tanong: Mahilig ka bang manghula? Kaya mo bang hulaan ang mga bagay na hahawakan mo lamang at hindi mo makikita?
- Sabihin: Kayo ngayon ay manghuhula ng mga bagay na nakapaloob sa kahon. Hahawakan ninyo ito at pagkatapos ay hulaan ang inyong mahahawakan.
- Tanong:

T1. Anong bagay ang iyong nahulaan sa loob ng kahon?

T2. Ano ang masasabi ninyo tungkol sa iyong nahulaang bagay? Ilarawan mo ito.

- Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang kanilang mga nahulaang bagay sa loob ng kahon.

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Palaro: Picture mo, Ilarawan Mo!**

- Sabihin: Katatapos lamang nating maglaro ng pahulaan tungkol sa mga bagay na nasa loob ng kahon. Ngayon naman ay magkakaroon tayong muli ng palaro. Pipili kayo ng larawan mula sa mga nasa hanay A at ito ay ilalarawan ninyo.
- Ihanda ang mga larawan at ipaskil ito sa pisara.
- Sabihin: Kumuha ng isang larawan at magbigay ng tamang paglalarawan dito. Ihanay ang larawang napili sa tamang paglalarawan nito sa hanay B.

  Tanong:

T1. Itanong: Ngayon, ano pang paglalarawan ang maaari mong sabihin sa larawang iyong napili?

- Tumawag ng iba pang mag-aaral na maaaring maglarawan sa mga nasa pisara.
- Ipakita ang mga larawang kanilang napiling ilarawan.

T2. Ano ang tawag sa mga salitang naglalarawang ito?

- Sabihin: Ang mga salitang ito ay tinatawag na pang-uri. Mga salitang naglalarawan ng bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.
- Ipabasang muli ang mga salitang naglalarawan na nasa pisara.
- Sabihin: Ngayon, napag-aralan na natin ang pang-uri/salitang naglalarawan, maaari ka bang tumingin sa iyong paligid at maglarawan ng isang bagay?

**4B. Babasahin ko, uulitin mo!**

- Sabihin: Ngayon ay magbabasa tayo ng isang maikling kwento. Una ko itong babasahin at pagkatapos ay kayo naman ang magbabasa.
- Ihanda ang kopya ng kwento sa isang Powerpoint.
- Ibigay ang panuto sa pagbabasa.

**Ang Batang Matulungin**

Kwento ni: Maylene P. Espinosa

Si Myla ay isang batang matulungin. Tuwing araw ng Linggo, sila ng kanilang pamilya ay laging tumutulong sa simbahan sa isang *outreach program*. Ang kanilang malaking simbahan ay laging nagbibigay ng libreng almusal tuwing araw ng Linggo sa isang bahay-ampunan.

Nang araw na iyon, maaga silang tumungo sa maliit na bahay-ampunan pagkatapos ng misa. Lulan ng asul na kotse, sila ay nagtungo doon.

Pagdating sa lugar, isa-isa nilang binigyan ng mainit na lugaw na nasa isang tasang pula ang masasayang bata. Si Myla ay masaya rin dahil alam niya sa kaniyang puso na nakakatulong siya kahit paano. Hindi iniisip ng kaniyang pamilya ang pagod sa pagbibigay ng lugaw dahil masaya ang mga bata, sila man ay nagiging masaya na rin.

Sa pagbabalik nila sa kanilang bahay, lagi niyang ikinukwento sa kanyang mga kaibigan ang karanasan sa pamamahagi ng almusal sa bahay-ampunan. Naisip niya,

maaari din niyang imbitahan ang mga kaibigan na sumama sa kanila sa susunod na araw.

**Tanong:**

T1. Sino ang batang matulungin?
T2. Saan sila nagpupunta tuwing araw ng Linggo?
T3. Anong kulay ng kotse ang ginamit nila?
T4. Ilarawan ang bahay-ampunan.
T5. Ilarawan ang mga bata sa ampunan
T6. Ano ang nararamdaman ni Myla sa tuwing sila ay nakatutulong sa mga bata?

- Sabihin: Pagtambalin ang mga larawan sa Hanay A sa mga salitang naglalarawan sa Hanay B. Pagtambalin ito sa pamamagitan ng paglalagay ng guhit.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

- Sabihin: Upang maipakita ang iyong natutuhan sa aralin ngayon, gawin mo ang Gawaing ito.
- Kulayan mo ang hinihingi ng mga salitang naglalarawan.
- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang unang bahagi ng aralin. Bukas ay mayroon pa rin tayong aralin tungkol sa paglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 6, Lesson Plan 12**
**Pang-uri**

**Key Idea**

- Pagkilala sa mga salitang naglalarawan

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.

| |
|---|
| **Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***<br>Time: 7 mins.<br>**Awit:** Fruit Salad<br>T1. Anong mga prutas ang nabanggit sa awitin?<br>▪ Sabihin: Ibigay mo nga anong mga prutas ang binaggit sa iyong inawit.<br>▪ Itanong: Paano mo ilalarawan ang saging? Mangga? Papaya? |
| **Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***<br>Time: 3 mins.<br>▪ Sabihin: Sa araling ito ay makapaglalarawan na kayo ng mga bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari. |
| **Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***<br>Time: 5 mins.<br>**Game: Bugtungan Tayo!**<br>▪ Sabihin: Sa pagpapatuloy ng aralin subukan na sagutin ang mga bugtong.<br>▪ Hulaan kung ano ang tinutukoy sa bugtong.<br>▪ Sabihin: Una: Buto't-balat, lumilipad. Ano ito?<br>(Sagot: Saranggola)<br>T1. Anong salitang naglalarawan sa saranggola?<br>▪ Sabihin: Pangalawa: Dalawang batong itim, malayo ang nararating?<br>(Sagot: Mata)<br>T2. Ano ang kulay itim? |
| **Bahagi 4**: ***Lesson Activity***<br>Time: 25 mins.<br>**4A. Game: Pumili ng Kahon**<br>▪ Hayaang pumili ng kahon ang mga mag-aaral<br>▪ Mula sa napiling kahon, tingnan ang larawang nasa loob nito.<br>T1. Anong paglalarawan ang maaari mong ibigay sa napiling larawan?<br>▪ Ipakita ang bawat larawan sa harap ng klase. Ibigay ang mga salitang naglalarawan sa bawat isang larawan. |

- Ipabasa ang mga salitang naglalarawan

- Sabihin: Ang mga salitang naglalarawan sa mga bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari, ay tinatawag na Pang-uri

T2. Ano ang inilalarawan ng pang-uri?

- Ipakitang muli ang mga larawan at tukuyin kung ang mga inilalarawan ng mga salita ay bagay, tao, pangyayari o lugar

**4B. Piliin ang salitang naglalarawan**

- Sabihin: Ngayon ay kilala na natin ang mga salitang naglalarawan. Ito'y mga salitang naglalarawan o nagbibigay turing sa isang bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.
- Basahing mabuti ang mga pangugunusap at bilugan ang mga salitang naglalarawan.

T3. Madali ba ang paglalarawan sa bagay, tao, pangyayari, at lugar.

**4C. Pumili ng Kulay**

- Sabihin: Upang mas lalo pang maunawaan ang salitang naglalarawan, gawin ang sumusunod na pagsasanay.
- Piliin ang tamang pang-uri sa bawat pangungusap. Kulayan ng pula ang tamang sagot.
- Pasagutan ang nasa Worksheet 1-5.

T4. Gumamit ba ng tamang kulay sa pagtukoy ng tamang salitang naglalarawan?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Maglaro Tayo!
- Sabihin: Ako'y may inihandang larawan na para sa bawat isa. Iugnay ang mga larawang ito sa hanay A sa naglalarawang salita nito sa hanay B. Ang unang makatapos at tama ang sagot ay ang mananalo.
- Ipakita ang natapos na gawain sa harap ng klase.
- Sabihin: Basahin ang mga salitang naglalarawan

T1. May iba pa kayang salita na maaaring maglarawan sa mga larawan?

- Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang mas maging magaling kayo sa pagbabasa.

**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

## Day 7, Lesson Plan 13

## Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan

**Key Idea**

- Mabasa at matukoy ang mga salitang madalas na makita sa paligid;

**Most Essential Learning Competencies**



- Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at batayang talasalitaan

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: Awit sa Filipino (https://www.youtube.com/watch?v=q6kjXnWzPTY)

- Sabihin: Ating balikan ang nakaraang leksyon patungkol sa mga salitang naglalarawan sa tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari.
- Gawin: Bilugan ang angkop na salitang naglalarawan sa bawat larawan.

| | | |
|---|---|---|
|  | maamo | mabangis |
|  | mapait | matamis |
|  | masaya | malungkot |
|  | kaunti | marami |
|  | malamig | mainit |

**Bahagi 2:** ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

- Ang ating aralin sa araw na ito ay matukoy at mabasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at mabasa ang mga batayang talasalitaan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.
Game: Forming a Puzzle:

- Tanong: Nakagawa ka na ba ng isang *puzzle*? Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito?
- Sabihin: Ngayon, bubuo tayo ng isang *puzzle*. Tignan natin kung ano kaya ang mabubuong larawan.
- Ihanda ang larawan ng *puzzle* at ipangkat ang klase sa 2.
- Tanong:



T1. Anong larawan ang inyong nabuo?

T2. Nakakita na ba kayo ng ganitong larawan?

- Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang nasa larawan.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**4A.** Game: Hulaan Mo Ako

- Sabihin: Kanina ay bumuo tayo ng isang *puzzle* ng larawan. Ngayon, kilalanin pa natin ang iba pang mga larawan na madalas nating makita sa ating paligid
- Ihanda ang mga sumusunod na larawan: Tamang tawiran, *traffic light*, nakakalason.
- Ipakita isa-isa ang mga larawan at ilarawan ito sa klase.
- Itanong: Hulaan mo kung ano ako?

Nakakita na ba kayo ng ganitong larawan?

Saan mo ito nakita?

Anong ibig sabihin ng ipinakitang larawan?







**4B.** Game: Hanapin mo ang kapares ko

- Sabihin: Gusto niyo pa ba ng isang laro? Tara maglaro tayo at matuto. Ngayon ay ipapares niyo ang mga larawan sa angkop na salitang tumutukoy dito.
- Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Kumuha ng larawan sa basket at iugnay ito sa angkop na salitang tumutukoy dito.

Gawin: Ipabasa sa mga bata sa gabay ng guro ang mga salitang naiugnay sa larawan.



| | | |
|---|---|---|
| Bawal magkalat ng basura<br>Bawal pumitas ng mga bulaklak | bawal ang cellphone<br>nakakalason | huwag maingay |

Tanong:

T1. Anong kahulugan ng ipinapakita ng larawan?

T2. Saan ka madalas makakita ng ganitong larawan?


T3. Mahalaga ba na dapat nating alam ang mga ibig sabihin ng mga ipinapakita sa bawat larawan?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para malaman natin kung may natutunan ka sa ating pinag-aralan gawin ang sumusunod.
- Panuto: Bilugan ang angkop na larawang tinutukoy sa bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| Mag-ingat madulas ang sahig |  |  |
| Bawal mag-ingay |  |  |
| Nakakalason |  |  |

| | | |
|---|---|---|
| Mag-ingat sa aso |   |  |
| *Traffic Light* |  |  |

- Pagtatapos ng aralin:

  Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Natukoy natin ngayon ang mga iba't-ibang larawang madalas makita sa ating paligid, sa susunod na aralin naman ay pag-aaralan natin ang mga salitang pinagbatayan ng mga salitang madalas nating makita sa paligid.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 7, Lesson Plan 14**

**Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan**

**Key Idea**

- Mabasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at matukoy ang mga pinagbatayang salita nito.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at batayang talasalitaan;

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: Awit sa Filipino (https://www.youtube.com/watch?v=q6kjXnWzPTY)

- Sabihin: Ating balikan ang nakaraang leksyon patungkol sa mga salitang madalas nating makita sa paligid
- Gawin: Magpapakita ng dalawang larawan na madalas makita sa paligid.
- Itanong:

T1. Alam niyo ba kung ano ang ibig sabihin ng bawat larawan?

T2. Nakakita ka na ba nito? Saan?

T3. Sa tingin mo mahalaga bang alam natin ang mga ipinapahiwatig ng mga salita at larawang madalas nating makita sa paligid?






**Bahagi 2: *Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

Sabihin: Ang ating aralin sa araw na ito ay mabasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at batayang talasalitaan.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

Pagbasa ng pangungusap:

- Sabihin: Mga bata meron akong mga siniping pangungusap mula sa kuwentong ating babasahin mamaya.

Bawal magtapon ng basura dito.

Bawal pumitas ng bulaklak

Bawal umapak sa damuhan.

Bawal manigarilyo

- Itanong:
  - T1. Ano ang napansin niyo sa mga salita?
  - T2. Ano kaya ang tawag sa mga halimbawang nabasa niyo?

Sa Parke

Isang araw, namasyal ang pamilya ni Lita sa parke. May nakita siyang palaruan, mayroon ding nagbebenta ng pagkain, laruan, lobo at sorbetes.

Napansin din niya ang mga karatulang nakapaskil sa iba't-ibang bahagi ng parke, na may nakasulat "Bawal Magtapon ng Basura Dito", "Bawal Pumitas ng Bulaklak", "Bawal Manigarilyo", "Bawal umupak sa damuhan" at iba pa.

- Itanong:
  - T1: Sino ang bata sa kuwento?
  - T2: Saan sila nagpunta?
  - T3: Ano ang kaniyang nakita na nakapaskil sa iba't-ibang bahagi ng parke?
  - T4: Magbigay ng halimbawa ng mga salitang nabasa ni Lita sa karatula.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A.** Game: Pagbasa ng Kuwento with a Twist

- Sabihin: Ngayon, magbabasa tayo ng kuwento with a twist, dahil kayo ang bubuo ng kuwento.
- Ihanda ang mga sumusunod: Tsart, Strip ng mga nakasulat sa karatula.
- Panuto: Babasahin ng guro ang kuwento, punan ng angkop na salita ang mga karatulang madalas makita sa paligid.

Sa Parke

Isang araw, namasyal ang pamilya ni Lita sa parke. May nakita siyang palaruan, mayroon ding nagbebenta ng pagkain, laruan, lobo at sorbetes.

Napansin din niya ang mga karatulang nakapaskil sa iba't-ibang bahagi ng parke, na may nakasulat,  ______, ______, ______, ______ at iba pa.

- Itanong:

T1: Sino ang bata sa kuwento?

T2: Saan sila nagpunta?

T3: Ano ang kaniyang nakita na nakapaskil sa iba't-ibang bahagi ng parke?

- Sabihin: Basahin natin muli ang kuwento gamit na ang mga salitang idinagdag natin.

**4B.** Game: Buohin Mo Ako

- Sabihin: Ngayon magkakaroon tayo ng laro, hahatiin ko ang klase sa 2 grupo. Bawat grupo ay may bubuohing 3 salita.
- Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro. (*Strip* ng papel: ba- su - ra, ta – wi- ran a- so)
- Ibigay ang panuto sa paglalaro. Bawat grupo ay may bubuohing 3 salita na naka *color coding*.
- Gawin: Ipabasa sa mga bata ang mga mabubuong salita. At ipagamit ito sa pangungusap.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para malaman natin kung may natutunan kayo sa ating pinag-aralan gawin ang sumusunod.
- Panuto: Punan ng angkop na salita upang makabuo ng pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| pumitas | tawiran | mag-ingat |
| mag-ingay | magsuot | |

1. Huwag ______________.
2. ____________ sa aso.
3. Bawal ____________ ng bulaklak.
4. Dito ang tamang ______________.
5. _____________ ng *facemask*.

_

| |
|---|
| ▪ Pagtatapos ng aralin:<br>Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Nabasa at natutunan natin ang mga iba't-ibang salitang madalas makita sa ating paligid. |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin. |

**Day 8, Lesson Plan 15**
**Mga Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat**

**Key Idea**

- Pagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan at kasalungat nito.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nabibigyang kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan at kasalungat.
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasa

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

- Sabihin: Noong nakaraang taon, napag- aralan natin ang pagbibigay kahulugan sa salita gamit ang kasingkahulugan nito. Pagtambalin natin ang mga salita sa Hanay A sa kasingkahulugan nito sa Hanay B. Isulat ang letra ng sagot sa patlang.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| ______1. tahimik | a. mahusay |
| ______2. magaling | b. maligaya |
| ______3. malasa | c. mataas |
| ______4. matangkad | d. masarap |
| ______5. masaya | e. payapa |


**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito, bibigyang kahulugan natin ang mga salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan at kasalungat nito.


**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

- Sabihin: Pag- aralan natin ang bawat larawan. Piliin mula sa kahon ang salitang angkop dito at isulat ito sa patlang. Isulat rin sa katabing patlang ang salitang kasalungat nito.

| mainit | gabi | mataas | mabangis | malaki |
|---|---|---|---|---|



1. ________ - ________



4. ________ - ________

 2. _______ - _______  5. _______ - _______



3. _______ - _______

- Sabihin: Gamitin natin ang bawat pares ng salita sa pangungusap. Magbigay ng bagay na maaaring ilarawan na kasalungat nito.
  Halimbawa:
  1. Ang puno ay mataas at ang bulaklak ay mababa.
  2. Ang buwan ay sa gabi at ang araw ay sa umaga.
  3. Mabangis ang leon at maamo ang pusa.
  4. Malaki ang elepante at maliit ang daga.
  5. Ang sabaw ay mainit at ang Haluhalo ay malamig.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**Bahagi 4A.**


**Ang Guryon**
Ni Mary Rose M. Magnaye
Ang guryon, saranggola rin kung tawagin.
Makukulay at maganda sa paningin
Kapag lumakas ang hangin, sa langit paliliparin
Kung ito'y biglang humina, ang guryon sa lupa pupulutin.

Malaki kapag ito ay nasa malapit
Kung malayo na ang lipad, sa paningin ay lumiliit.
Pisi na itatali ay dapat pag- ingatan
Kung ito'y maputol, guryon ay babagsak nang tuluyan.

Tanong:

T1. Ano ang bagay na tinutukoy sa tula?
T2. Kailan pinalilipad ang saranggola?
T3. Bakit dapat pag-ingatan ang pisi ng saranggola?

**Bahagi 4B. GAME: BROKEN PAIRS**
- Sabihin. Ang mga salita sa baba na nasa kandado ay mula sa ating tula. Hanapin ang susi na naglalaman ng kasingkahulugan o kasalungat nito upang mabuo ang nawawalang pares.




**Bahagi 4C.**

- Sabihin: Punan ang nawawalang kasingkahulugan o kasalungat ng salitang may salungguhit upang mabigyan ito ng kahulugan at mabuo ang pangungusap. Piliin ang sagot sa kahon at isulat ito sa patlang.

| mahina | maayos | malakas | mabilis | makitid |
|---|---|---|---|---|

1. Tahimik at ___________________ ang aming komunidad.
2. Sakitin at _________________ ang katawan ni Lino dahil kulang sa sustansiya ang kaniyang katawan.
3. Malawak ang hardin ngunit ________________ naman ang daan papunta rito.
4. Ang buhos ng ulan ay mahina ngunit ang kulog at kidlat ay _________________.
5. Ang kuneho ay _______________ at ang pagong naman ay mabagal.

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

- Sabihin: Hanapin natin ang kasingkahulugan o kasalungat ng mga salitang nakasalungguhit sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Matalim ang kutsilyo, ito’y matalas na bagay na hindi dapat paglaruan.
2. Matangkad si Miko samantalang ang kaniyang kapatid na si Enzo ay pandak.
3. Malusog ang batang si Karlo samantalang sakitin naman si Pedro.
4. Ang mga tao ay payapa kung ang paligid ay tahimik.
5. Maganda si Susan at marikit ang kaniyang kakambal na si Luna.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 8, Lesson 16**
**Pagbibigay Kahulugan sa mga Salita sa Pamamagitan ng Context Clues, Halimbawa at Pormal na Depinisyon**

**Key Idea**

Pagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan ng salita (context clues), pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita

**Most Essential Learning Competencies**

Nabibigyang kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan ng salita (context clues), pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita

Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasa

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Sabihin: Noong nakaraang taon, napag- aralan natin ang pagbibigay kahulugan gamit ang magkasingkahulugan at magkasalungat na salita. Tukuyin natin kung ang mga sumusunod na pares ng mga salita ay magkasingkahulugan o magkasalungat. Isulat sa patlang ang **MK** kung magkasingkahulugan at **MS** naman kung magkasalungat.

______1. mataas – matangkad

______2. nakaupo – nakatayo

______3. munti – maliit

______4. pag- ibig – pagmamahal

______5. malawak – makitid

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sabihin: "Sa araling ito, bibigyan natin ng kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan ng salita (context clues), pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita.


**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 10 mins.
**Game: HULAAN NATIN!**
Sabihin: "May ilang pipiliin mula sa inyo ang bubunot ng papel sa mga salitang nakapaloob sa kahon at pahuhulaan ito sa harap ng inyong mga kaklase. Maari ninyo itong bigyan ng kahulugan o clue sa pamamagitan ng pagsasakilos upang mahulaan ng iba pa ninyong kamag-aaral.


Mga Salitang Pahuhulaan:

| | | | |
|---|---|---|---|
| papel | eroplano | tahanan | paaralan |
| tao | masaya | laro | lipad |

Sabihin: “Basahin natin muli nang sabay- sabay ang mga salita na ating hinulaan.”

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 20 mins.
**Bahagi 4A**





**Eroplanong Papel**
Ni Mary Rose M. Magnaye

Papel ay ilang beses tinutupi
Inuulit- ulit kung sa paggawa ay magkamali
Inaayos ang pakpak, paglipad ay sinusukat
Upang ang paglipad, magtatagal at magiging banayad.

Ang loob ng tahanan, maging ang silid- aralan
Madalas dito ang ginagawang paliparan.
Eroplanong papel, ginagawang libangan
Mga bata’y walang pagsidlan ang kagalakan.

Tanong:

1. Sino ang naglalaro ng eroplanong papel?
2. Anong bagay ang ginamit sa paggawa ng eroplano?
3. Naranasan mo na bang gumawa nito? Ano ang iyong nadarama sa tuwing gumagawa ka nito? Bakit?

**Bahagi 4B. PAGTAMBALIN NATIN!**
Sabihin. “Subukan natin hanapin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa tulang Eroplanong Papel. Gawing gabay ang tinukoy ng pangungusap bilang 1-5. Itambal ang mga ito sa kahulugan na nasa kahon.”

| | | |
|---|---|---|
| pakpak | banayad | paliparan |
| libangan | pagsidlan | kagalakan |

| |
|---|
| 1. Ito ay tuwa o kasiyahan na nadarama ng isang tao. |
| 2. Bahagi ito na ginagamit upang makalipad ang isang bagay. |
| 3. Ito ay gawaing pampalipas ng oras na nagdudulot ng kasiyahan sa isang tao. |
| 4. Lugar ito kung saan lumilipad ang mga eroplano. |
| 5. Kasingkahulugan ito ng salitang paglagyan. |

**Bahagi 4C. BUUIN NATIN!**

Sabihin: “Mula sa mga titik ng salitang PAMILYA, bubuuin natin ang salitang binibigyang kahulugan sa bawat bilang.”

1. Ito ay bahagi ng katawan na ginagamit sa paglalakad. **(Sagot: paa)**
2. Ginagamit ang bagay na ito sa paghuhukay ng lupa. **(Sagot: pala)**
3. Ito ay ginagamit upang makita ang lokasiyon ng isang lugar. **(Sagot: mapa)**
4. Isa, dalawa, tatlo, apat, ano ang kasunod na bilang? **(Sagot: lima)**

Sa tuwing bumibili ako ng sorbetes, dito iyon inilalagay. **(Sagot: apa)**

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***

Time: 5 mins.

- Sabihin: “Basahin natin ang mga pangungusap sa ibaba. Piliin mula sa kahon at isulat sa patlang ang nawawalang salita upang mabuo ang pangungusap.”

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pamilihan | paaralan | problema | saranggola | makupad |

1. Dito sa ________________ pumapasok ang mga mag- aaral upang matuto ng iba’t ibang aralin.
2. Ang guryon o _____________ ay laruang pinalilipad lalo na kung malakas ang hangin.
3. Ang ___________________ ay lugar kung saan bumibili si Nanay ng mga prutas at gulay.
4. Ang bawat _________________ ay mayroong solusyon.
5. _______________ ang daloy ng trapiko sapagkat mayroong aksidente.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 9, Lesson Plan 17**
**Pangunahing kaisipan**

**Key Idea**

Naibibigay ang pangunahing kaisipan sa tekstong binasa

**Most Essential Learning Competencies**


- Nauunawaan ang binasa
- Natutukoy ang pangunahing kaisipan sa tekstong binasa

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.
**PICTURE PICTURE!**

- Sabihin: "Batay sa ating nakaraang aralin, napag-aralan natin ang tungkol sa mga salitang magkasalungat. Naaalala nyo pa ba?"
- Pagpapakita ng mga larawan
- Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga salitang magkasalungat sa bawat larawan.

Gawain:

Tukuyin ang mga salitang magkasalungat sa bawat larawan.




1. mabango / mabaho
2. matangkad / pandak
3. mabagal / mabilis
4. payat / mataba
5. malamig / mainit

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.
- Sa araling ito ay matutukoy ang *pangunahing kaisipan* sa tekstong binasa

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.
**Game: 4 PICS 1 WORD**
- Pagpapakita ng apat na larawan
- Gabay upang mahulaan ang salitang nais iparating ng larawan
- Tanong:
  T1. Ano ang salitang nais ipahiwatig ng apat na larawan?

Pamilya




T2. Ano ang masasabi ninyo tungkol sa pamilya? Ilarawan mo ito.
- Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang nasa larawan.

*Inaasahang Sagot:*
*Ang masayang pamilya ay nagmamahalan*. Ito ay binubuo ng ama, ina at anak. Ito ang unang lugar na natutunan natin tungkol sa pag-ibig, pagtitiwala, komunikasyon, at pagtutulungan. Ang bawat kasapi ng pamilya ay nagtutulungan.

T3: Ano ang pangunahing ideyang nakapaloob sa talata?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**Bahagi 4A.**
- Ipakita ang halimbawa ng talata na may pangunahing kaisipan at ipabasa.
- Hayaang basahin at intindihin ng mga mag-aaral ang talata.
  Tanungin ang mga mag-aaral kung may mga salitang hindi pamilyar o hindi maintindihan sa binasang talata.

Basahin at unawain ang maikling talata.
Si Yana ay batang magalang. Sumasagot siya ng po at opo kapag kinakausap. Humahalik siya sa kamay ng kaniyang mga magulang bago umalis ng

bahay. Pinalaki siya ng kaniyang magulang na magalang. Marunong din siyang makipag-kapwa tao.

**Bahagi 4B.**

1. Ano ang pangunahing kaisipan sa talata?
2. Sino ang batang magalang?
3. Anong ugali ni Yana ang nagpapakita ng pagiging magalang nya?

Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong.

Mga Inaasahang Sagot:
Q1. Ang pangunahing kaisipan sa talata ay si Yana ay batang magalang.
Q2. Si Yana ang batang magalang.
Q3. Si Yana ay magalang.

**Bahagi 4C.**
Itanong ang mga sumusunod:

4. Paano sumasagot si Yana kapag kinakausap?
5. Kung ikaw si Yana gagawin mo din ba ang ginagawa niya? Bakit?
6. Ano ang mabuting aral na natutunan sa talatang binasa?

- Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong.

Mga Inaasahang Sagot:
Q4. Sumasagot si Yana ng may po at opo.
Q5. Opo, dahil ang pagiging magalang ay kinagigiliwan at may magandang asal.
Q6. Ang pagiging magalang.

- Hayaan ang mga mag-aaral na tukuyin at bilugan ang pangunahing kaisipan o ideya sa bawat talata sa sagutang papel.

Ang aking asong si Bantay ang pinakamagaling na aso sa buong mundo. Palagi siyang lumalapit kapag tinatawag ko. Gusto niyang maligo kasama ko. Higit sa lahat, palagi siyang nariyan kapag ako ay malungkot.

Si Ana ay masipag maghugas ng pinggan. Hinuhugasan agad niya ang kanilang pinagkainan matapos kumain. Hindi niya hinahayaang nakatambak ito sa lababo. Kaya naman natutuwa sa kanya ang kanyang ina.

- Tumawag ng mag-aaral upang sabihin ang kanyang kasagutan.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.
Piliin at bilugan ang letra ng pangunahing kaisipan na tinutukoy ng nasa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| 1 .gatas<br>nilagang itlog<br>saging<br>sinangag | 2.pambura ng pisara<br>upuan at mesa<br>lapis at papel<br>aklat at kuwaderno | 3. Enero<br>Pebrero<br>Marso<br>Abril |

| | | |
|---|---|---|
| a.pagkain sa agahan<br>b.pagkain sa tanghalian<br>c.pagkain sa meryenda | a.gamit sa kusina<br>b.gamit sa paaralan<br>c. gamit sa hospital | a.pangalan ng araw<br>b.pangalan ng taon<br>c.pangalan ng buwan |

4. kutsara at tinidor
   tasa at baso
   plato at platito
   kawali at kaserola

a.gamit sa paaralan
b.gamit sa sala
c. gamit sa kusina

5. Pasko
   Bagong Taon
   Araw ng mga Puso
   Araw ng Kalayaan


a.bagay
b.pangyayari
c.pook

Ang araling ito ay tungkol sa pangunahing kaisipang nakapaloob sa isang talata o teksto. Karaniwang makikita natin ang pangunahing ideya sa simula o dulo ng isang talata o teksto.
Tanungin ang mga mag-aaral:

T1. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sa iyo upang mas maintindihan ang aralin tungkol sa pangunahing ideyang nakapaloob sa isang talata o teksto?

T2. Ang aralin bang ito ay nakatulong sa iyo upang maalala ang pangunahing ideyang nakapaloob sa isang talata o teksto?

- Ipaguhit sa mga mag-aaral ang masayang mukha sa loob ng tala kung nakatulong sa kanila ang aralin at isulat sa kahon ang nais pa nilang matutuhan sa aralin.



**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 9, Lesson Plan 18**
**Sumusuportang kaisipan**

**Key Idea**

Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa

**Most Essential Learning Competencies**

- Nauunawaan ang binasa
- Natutukoy ang pangunahing kaisipan sa tekstong binasa
- Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan batay sa pangunahing kaisipan

| |
|---|
| **Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***<br>Time: 7 mins.<br>**Everybody Sing!**<br>**Awit: Tono: Leron leron sinta**<br>Ang aking pamilya, tunay na masaya<br>Masipag si tatay, maalaga si nanay.<br>Kaming magkakapatid sumusunod lagi<br>Sa payo't habilin ni nanay at tatay.<br><br>Ipasagot ang mga sumusunod.<br>1. Alin ang pangunahing kaisipan sa awitin?<br>2. Sino ang masipag?<br>3. Sino ang maalaga?<br>4. Sino ang sumusunod sa payo't habilin ng magulang? |
| **Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***<br>Time: 3 mins.<br>▪ Sabihin: Sa araling ito ay matutukoy ang mga *sumusuportang kaisipan* batay sa pangunahing kaisipan |
| **Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***<br>Time: 5 mins.<br>**Game: Hulaan mo!**<br>▪ Sabihin: Sa pagpapatuloy ng aralin subuking sagutin ang pangunahing kaisipan sa talatang binasa.<br>▪ Pagpapakita ng dalawang larawan.<br>▪ Sabihin: Bumuo ng salita gamit ang dalawang larawan. |



bahay



kubo

- T1. Ano ang salitang nabuo kapag pinagsama ang dalawang larawan?
- Sabihin: Maaari mo bang ilarawan ang bahay kubo?
- Magpapakita ng talata at babasahin.

*Ang bahay kubo ay isang katutubong bahay na ginagamit sa Pilipinas*. Ang katutubong bahay ay gawa sa kawayan na itinatali na magkasama, na may isang binigkis na bubong gamit ang dahon ng nipa/anahaw. Ito ang pambansang bahay ng Pilipinas.

T2. Alin ang pangunahing kaisipan sa talata?

T3. Anu-ano ang sumusuportang kaisipan o ideya sa talata?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**4A.**
- Ipakita ang halimbawa ng talata na may sumusuportang kaisipan at ipabasa.
- Hayaang basahin at intindihin ng mga mag-aaral talata.
- Tanungin ang mga mag-aaral kung may mga salitang hindi pamilyar o hindi maintindihan sa binasang talata.

Basahin at unawain ang maikling talata.

**Ang Covid 19**

Ang Covid19 ang pamilya ng mga virus na nagdulot ng pandemya sa buong mundo. Sinasabing ito ay nagmula sa Wuhan, China noong Disyembre, 2019. Lubos na naaapektuhan ng virus ang mga may problema sa baga o respiratory system. Sa ngayon, may natuklasan ng bakuna laban dito at inaasahang mababawasan na ang mabilis na pagkalat nito.

**Bahagi 4B.**

1. Ano ang pamagat ng talata?
2. Ano ang Covid 19?
3. Sang lugar ito nagmula?

Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong.

Inaasahang sagot:

1. Ang pamagat ng talata ay Ang Covid 19

2. Ang Covid 19 ay isang virus.

3. Ang Covid 19 ay nagmula sa Wuhan, China.

**Bahagi 4C.**

Itanong ang mga sumusunod:

4. Ano ang natuklasan upang mabawasan ang mayroon nito?
5. Kailan nagsimula ang virus na ito?
6. Ano ang gagawin mo upang makaiwas na magkaroon ng virus?

- Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong.

Inaasahang sagot:

Q4. Ang natuklasan ay bakuna.

Q5. Nagsimula noong Disyembre 2019.

Q6. Maghugas ng kamay at kumain ng masusustansiyang pagkain.

- Hayaan ang mga mag-aaral na tukuyin ang sumusuportang kaisipan o ideya sa bawat talata sa sagutang papel.

Kulayan ng pula ♡ kung ang mga sumusunod na kaisipan ay sumusuporta sa pangunahing diwa ng teksto.

♡ 1. Ito ang sakit na nagdulot ng pandemya sa buong mundo.

♡ 2. Sinasabing nagmula ito sa Wuhan, China.

♡ 3. Lubos na naaapektuhan ng virus ang mga may problema sa baga o may *respiratory problem.*

♡ 4. Maraming tao ang nasa labas ng bahay.

♡ 5. May natuklasan ng bakuna laban dito at inaasahang mababawasan na ang pagkalat

nito.

- Tumawag ng mag-aaral upang sabihin ang kanyang kasagutan.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.
Panuto: Piliin at isulat ang letra ng sumusuportang kaisipan sa mga salita sa kahon.

| gulay | prutas | kulay | kasuotan | mga araw |
|---|---|---|---|---|

A .damit
pantalon
uniporme
palda

B. mangga
mansanas
ubas
melon

C. Lunes
Martes
Miyerkules
Huwebes

D. pula
asul
dilaw
puti

E. kalabasa
upo
sayote
repolyo


Ang araling ito ay tungkol sa sumusuportang kaisipan na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pangunahing kaisipan o paksa ng talata. Ito ay mga susing pangungusap na may kaugnayan sa paksa ng talata.


Tanungin ang mga mag-aaral:

T1. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sayo upang mas maintindihan ang aralin tungkol sa sumusuportang kaisipan na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pangunahing kaisipan o paksa ng talata?

T2. Ang aralin bang ito ay nakatulong sa iyo upang maalala ang sumusuportang kaisipan na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pangunahing kaisipan o paksa ng talata?

- Ipaguhit sa mga mag-aaral ang masayang mukha kung nakatulong sa kanila ang aralin at isulat sa ibaba nito ang nais pa nilang matutuhan sa aralin.





**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Delivery (DepEd-BLD)
Contact Numbers: 8637-4366; 8637-4347; 8633-9347

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Contact Numbers: 8634-1072; 8631-6922

Email Address: blr.od@deped.gov.ph

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG Bansang Makabata Batang Makabansa